

Mga Aral at Kabatirang Maaaring Matamo ng Pilosopiyang Pilipino mula sa mga Obra ni de Los Reyes sa Yugto ng Kanyang Paghuhubog (1864-1889)

Leslie Anne L. Liwanag

Visayas State University

Abstrak: Ang proyektong ito ay pangunahing presentasyon ng mga panimulang pilosopiya ni Isabelo de los Reyes (1864-1938), isang manunulat at mamamahayag na may malawak na kontribusyon sa iba't ibang periyodikal na umiinog sa kasaysayan, folklore, wika, politika, at relihiyon. Gayunman, hindi naging sentro ng pagkilala at pagpapahalaga sa kasaysayan ang mga kontemporanyong tulad ni de los Reyes kumpara sa mga kapwa-intelektwal na nanatili sa Europa katulad ni Rizal. Hangarin ng pag-aaral na ito na balikan ang bulto ng kanyang mga akda mula sa yugto ng kanyang paghuhubog mula 1864 hanggang 1889. Hindi lamang ito magiging payak na intelektwal na diskurso sa kasaysayan, datapwat sisikaping maihain ang pilosopikal na kontribusyon ng Ilokanong polimata sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ilan sa mga aral at kabatirang maaaring matamo ng larangan ng Pilosopiyang Pilipino – isang diskursong patuloy na nangangapa pa para sa metodiko at ideyolohikal na kaugnayan sa mundo ng lokal na produksyon ng kaalaman.

Mga Susing Salita: Isabelo de los Reyes; pilosopiyang Pilipino; The Rulers of Manila; The Devil in the Philippines; The Filipino Folklore; History of Ilocos

1. PANIMULA

Sa Pilipinas, karaniwang nakaangkla ang maling konotasyon ng pamimilosopo sa mga indibidwal na may mahahaba at sarkastikong argumento. Mamamataan maging ang naging negatibong imahen ng pamimilosopiya sa katauhan ni Don Anastacio, kilala bilang “Pilosopho Tasyo” sa nobelang *Noli Me Tangere* ni Jose Rizal, kung saan sa halip na makita ang matapang na paninindigan sa mga panlipunang suliranin at pagtugis sa kaugaliang kolonyal na lipunan, mas napagtuunan sa matandang tauhan ang diskurso ng kahibangan.¹ Alinsunod dito, hindi nalalayo sa diskurso ng subersibong imahen ang isang ilustradong bunga ng ika-labinsiyam na siglong “Pagkamulat ng Filipino” na si Isabelo de los Reyes (1864-1938) dulot ng pagposisyon ng sarili bilang “kapatid ng mababangis sa kagubatan.”² Hindi tipikal na intelektwal ng Pilipinas si de los Reyes dahil bukod sa masigasig at marubdob ang adhikain sa pakikipaglaban sa paghahari-harian ng mga Espanyol at Amerikano, nabilanggo rin sa Maynila at Barcelona, nakiisa sa mga anarkista at sosyalista, nagtayo ng rebolusyonaryong simbahan, nagtatag ng isa sa mga unang kilusang paggawa sa Pilipinas, at nag-ambag sa iba’t ibang periyodikal na umiinog sa kasaysayan, folklore, wika, politika, at relihiyon.

Sa puntong ito, hindi naging sentro ng pagkilala at pagpapahalaga sa kasaysayan ang mga kontemporanyong tulad ni de los Reyes kumpara sa mga kapwa-intelektwal na nanatili sa Europa. Maging ang itinatag na Malayang Simbahan ng Pilipinas (o Iglesia Filipina Independiente), kadalasang mas nauugnay kay Gregorio Aglipay (1860-1940), ang dating Katolikong paring inatasang maging kauna-unahang pinuno nito. Dagdag dito, kapag nababanggit si de los Reyes sa ilang pag-aaral sa kasaysayan, mas pinupuntirya ang hindi nila pagkakaunawaan ng mas tanyag na intelektwal at kinikilalang pambansang bayaning si Jose P. Rizal (1861-1896).³ Bago pa man maiugnay sa mga ilustrado at propagandista o

¹ Emerita S. Quito, *The State of Philosophy in the Philippines* (Manila: De La Salle University Press, 1983).

² Resil B. Mojares, *Brains of the Nation: Pedro Paterno, TH Pardo De Tavera, Isabelo De Los Reyes, and the Production of Modern Knowledge* (Quezon City: Ateneo University Press, 2006).

³ F.P.A. Demeterio III, “Don Isabelo De Los Reyes (1864-1938): Forerunner of Filipino Theology,” *Philippiniana Sacra* 47, no. 142 (2012): 883–916.

maging kritiko ng kolonisasyong Espanyol at Amerikano, kahanga-hanga na ang hanay ng mga kontribusyon ni de los Reyes sa pangkalahatang aktibidad ng periyodikal na palimbagan at intelektwal na diskursong lokal lalo na sa usapin ng folklore at inklusibong pagkabansa. Ipinagpatuloy niya ito bago at hanggang sa paglitis at pagpatay kay Rizal, matapos ang paghahari-harian ng mga Espanyol sa isla, at hanggang sa unang yugto ng pananakop ng mga Amerikano.

Samantala, hindi maarok ng ibang mga ilustrado ang estilo ni de los Reyes dala ang hindi matatawarang bulto ng tekstwal na proyekto at lokal na diskurso. Tumatak ang pagdeklara sa sarili bilang kapatid ng mga naninirahan sa kagubatan—ang mga Aeta, mga Igorot, at mga Tinguian. Hindi na lihim ang naging hindi nila pagkakasundo ni Rizal lalo pa't isinulong ni de los Reyes ang Ilokanisasyon ng Pilipinas, arkeolohikal na pinagmulan ng lahing Pilipino ang mga Negrito, Tsino, Indones, at Arabo, at ang pagwaksi sa hegemonya ng lahing Malay na maling hinala ng mga Espanyol. Katunayan, hindi ipinalampas ni Rizal ang pagkakataong tukuyin si de los Reyes ng artikulong inilathala sa *La Solidaridad* na “Una contestación a Don Isabelo de los Reyes” noong 1890, kasagsagan din ito ng pag-aambag ng Ilokanong polimata sa naturang pahayagan.⁴ Isa itong reaksyon kay de los Reyes hinggil sa tila isang pag-atake sa kanyang kakayahan sa *Historia de Ilocos*. Sang-ayon si Juan Luna (1857-1899) sa paratang ni Rizal, lalo pa't napakalaking kasiraan diumano ang nagawa ni de los Reyes na maaaring magbunyi ang mga Espanyol dahil sa hindi pagkakaunawaang ito. Sa kabilang dako, ayon sa etnolohistang si Ferdinand Blumentritt (1853-1913), gayong may mga hindi makatarungang nagawa si de los Reyes hindi pa rin matatawaran ang kanyang mabuting hangarin at mga kapuri-puring etnograpihong obra. Kahit na hindi nakapag-aral ng etnograpiya ang Ilokanong kaibigan, kahanga-hanga kung paano niya pinabulaanan ang mga paratang ng mga mananakop tungkol sa kawalang-kakayahan ng mga katutubo.

Nabuo ang periyodisasyon batay sa mga tema at diskurso ng mga akda ni de los Reyes alinsunod sa kanyang intelektwal na talambuhay. Hango ang sanaysay mula sa binuong disertasyon ng manunulat kung saan nagsagawa ng diyakronikong pagsusuri ng mga piling obra ni de los Reyes

⁴ Jose P. Rizal, “Una Contestación a Don Isabelo De Los Reyes, trans. G. Fores-Ganzon and L. Mañeru),” *La Solidaridad*. 1890.

na nahahati sa apat na panahon: Yugto ng Paghuhubog (1864-1889), Yugto ng Propaganda at Rebolusyon (1889-1897), Yugto ng mga Paglalakbay (1897-1912), at Yugto ng Pagiging Politiko at Pagretiro (1912-1938). Sa ganang ito, minabuting balikan ng manunulat ang mga aral at kabatirang maaaring matamo ng Pilosopiyang Pilipino mula sa mga obra ni de los Reyes sa yugto ng kanyang paghuhubog mula taong 1864 hanggang 1889.

2. ANG INTELEKTWAL NA TALAMBUHAY NI DE LOS REYES

Ipinanganak noong 1864 si Isabelo de los Reyes y Florentino sa Vigan, Ilocos Sur, isang probinsyang malayo sa Maynila at sibilisasyon. Lumaki si de los Reyes sa piling ng mga kasambahay na kadalasang nagbabahagi ng mga kamangha-manghang kuwento at superstisyon ng mga kanayunan. May mga pagkakataong hindi mapakali ang batang de los Reyes at hinimok silang magbahagi pa ng mga ito. Itinuring na kauna-unahang babaeng makata sa Pilipinas ang inang si Leona Florentino, pinaniwalaang namana sa kanya ang pagkawili ni de los Reyes sa pagsulat. Nang magdesisyong maghiwalay ng mga magulang, ipinaubaya ang anim na taong gulang na si de los Reyes sa tiyuhing abogadong si Don Mena Crisólogo (1844-1927). Sa seminaryo sa Vigan, nagsimulang sumibol ang interes sa superstisyon nang nag-organisa ng paligsahan sa paglista ng pinakamaraming pinaniniwalaang superstisyon ang gurong si Mr. Mariano Espiritu. Walang duda ang pagkapanalo rito si de los Reyes kahit na pagsama-samahin pa ang tala ng iba pang mga kalahok.⁵

Kahit na seminaryo ang nagpatunay sa kahusayan niya sa superstisyon, dito rin napagtanto ang pagkadismaya ni de los Reyes sa mga prayle at laykong nanindigan na walang katuturan ang mga kaalamang bayang bunga ng folklore. Nagtulak ito upang mapagtanto ni de los Reyes na tumungong Maynila noong 1880. Habang binabaybay ang karagatan ng Zambales, pinilit siya ng mga kapwa-probinsyanong lumuhod at magdasal sa malaking batong hugis-oven dahil maaaring magkasakit sila sa Maynila kung hindi nila gagawin ito. Dito napagtibay ang personal na pagtuon ni de los Reyes sa mga superstisyon at folklore

⁵ Isabelo de los Reyes, *History of Ilocos*, Volumes I and Volume II, trans. Maria Elinora Peralta-Imson (Quezon City: University of the Philippines Press, 2014), 97.

ng mga kapwa-Ilokano.⁶ Sumibol mula sa folkloristang de los Reyes ang kanyang pagiging mamamahayag. Labing-anim na taong gulang siya nang kunin bilang patnugot ng *Diario de Manila* na si Felipe del Pan (1863-1915), isang peninsular na Espanyol at mamamahayag ng Maynila. Si del Pan ang nag-udyok kay de los Reyes na magsulat tungkol sa Ilokanong folklore.⁷ Si Del Pan ang sumuporta at nag-udyok sa binatang de los Reyes na ipagpatuloy ang larangan ng pamamahayag. Bilang isang peninsular na ipinanganak sa Espanya, nanirahan at nagtrabaho si Del Pan sa Pilipinas ng apatnapung taon at nanilbihan bilang kalihim ng gobernador-heneral. Maituturing na politikal na konserbatibo ngunit may liberal na pananaw alinsunod sa pamantayan ng Maynila. Isinulong niya ang pagkakaroon ng nagsasariling ekonomiya, edukasyon ng kababaihan, at pagwaksi ng ilang kanser sa lipunan tulad ng rasismo.⁸

Noong 1881, inilathala ang kauna-unahang artikulo ni de los Reyes sa isang pahayagan. Inilunsad ang sanaysay na pinamagatang “*La lealtad de los ilocanos a España*” na hinggil sa pamumuno ng isang Espanyol at ng magigiting na Ilokanong mandirigmang ipinagtanggol ang lungsod ng Maynila laban sa banta ng pananakop ng mga pirata, ipinagdiinan nito ang kawalan ng utang-na-loob ng naturang lungsod dahil sa hindi pagkilala sa mga nasabing bayani.⁹ Sinundan ito ng artikulong pinamagatang “*La expedición de Li-Mahong contra Filipinas en 1574*” na inilathala sa *Diario de Manila* noong 1882 na nakalikom pa ng gantimpala. Pamamahayag ang naging hanapbuhay ni de los Reyes simula nang yumao ang ama hanggang sa makamit ang digri sa Batsilyer sa Sining sa Colegio de San Juan de Letrán noong 1883. Sumunod na taon nang pakasalan niya ang labing-siyam na taong gulang na si Josefa Sevilla at nagkaroon sila ng sampung anak. Alinsunod sa lumalaking pamilya, naging masigasig na naging kontributor si de los Reyes ng mga

⁶ *Ibid.*, 97.

⁷ Ma. Diosa Labiste, “Folklore and Insurgent Journalism of Isabelo de los Reyes,” *Plaridel Journal: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* 13, no. 1 (2016): 32.

⁸ Resil B. Mojares, *Brains of the Nation: Pedro Paterno, TH Pardo De Tavera, Isabelo De Los Reyes, and the Production of Modern Knowledge*. (Quezon City: Ateneo University Press, 2006), 260-261.

⁹ Megan C. Thomas “Isabelo de los Reyes and the Philippine Contemporaries of La Solidaridad,” *Philippine Studies* 54, no. 3 (2006): 386-387.

pahayagang tulad ng *La Revista Popular*, *La Oceaña Española*, *España Oriental*, *El Comercio*, *La Opinion* at *La Lectura Popular*.¹⁰ Kinilala ang mga pangunahing akda na pinamagatang “Los Regulos de Manila” sa pahayagang *La Oceaña Española* at “*El diablo en las Filipinas*” sa pahayagang *La España Oriental* noong 1885. Noong matapos ni de los Reyes ang abogasya sa Pamantasan ng Sto. Tomas noong 1887, pinagtuunan pansin ang mga paksa hinggil sa kasaysayan, etnograpiya, at sinaunang kaugalian tulad ng “*Anécdotas de Ilocano, cuentos de Filipinas*” na nagkamit ng medalyang pilak sa Eksposisyon sa Madrid, gayundin ang *El Tinguán*, “*Juquetes literarios sobre costumbres e historia*,” at “*Las Islas Visayas en la Epoca de la Conquista*.”

Noong huling bahagi ng 1888, matapos ang mga anti-prayleng demonstrasyon at pagkakahiwa-hiwalay ng landas ng mga nagsusulong ng reporma sa Espanya, ginawang bentahe ito ni de los Reyes upang mas mapansin bilang manunulat at intelektwal. Sa pagkakataong ito, inilathala niya ang mga obrang pinamagatang “*Tipos y Cuadros de Manila*” at ang “*Los Triunfos del Rosario o Los Holandeses en Filipinas in Diario de Manila*” noong 1888, at ang *El Folklore Filipino* noong 1890. Pinalawak at mas naging malikhain si de los Reyes sa larangan ng folklore, hindi niya ipinalampas na mailathala ang folklore ng Malabon, Zambales, at Ilocos sa pahayagang *El Comercio*. Nahimok din niya ang ibang intelektwal na suungin ang pagsulat sa larangan ng folklore tulad nina si Pio Mondragon para sa Tayabas, Mariano Ponce para sa Bulacan, at Pedro Serrano Laktaw para sa Pampanga. Nilikom at inilathala ang mga ito sa ikalawang volume ng *El Folklore Filipino*. Nagtatapos ang yugto ng paghuhubog sa huling bahagi ng taong 1889 nang maisakatuparan ang obrang tinalakay ang kasaysayan ng bayang tinubuan, ang *Historia de Ilocos* na binuo ng dalawang volume.

3. ANG MGA NATATANGING OBRA NI DE LOS REYES

3.1. “LOS REGULOS DE MANILA”

Matatagpuan sa *Artículos varios sobre etnografía: Historia y costumbres de Filipinas* ang obrang “*Los Regulos de Manila*” na muling inilathala sa

¹⁰ Erlinda Bragado. “Sukimatem: Isabelo De Los Reyes Revisited,” *Philippine Studies* 50, no. 1 (2002): 53.

pahayagang *La Oceaña Española* noong 1885. Maaaring maakses sa Internet Archive at Biblioteca Digital Hispanica ang orihinal na kopya sa wikang Espanyol. Bilang panimula ng artikulo, isang dedikasyon ang inalay para kay Sr. D. Alejandro Guichot Y Sierra (1859-1941) na Kalihim ng Folklore ng Andaluz sa Espanya. Tahasang ibinahagi ni de los Reyes ang tungkol sa nanotaryong dokumentong naglalaman ng mga maling alegasyon at ang ipinagkaloob na eksempsyon sa buwis ng mga kamag-anak ni Lacandola dahil sa matapat niyang paglilingkod sa Inang Espanya. “Si Raha Lakandula (o Don Carlos Lacandola, ipinangalan sa kanya ng mga Espanyol nang maging Kristiyano) ang naghaharing Raha ng Tondo at pinakamasaganang raha sa Maynila noong dumating ang mga Kastila.”¹¹ Sanhi ng pagkadiskubre sa nasabing dokumento, pinakiusapan si de los Reyes ng ilang mga kronistang mailathalang muli sa pahayagang *La Oceania Española* ang muling pagbuo ng talambuhay ni Lacandola at maiwasto ang mga bagay sa kasaysayang kontra sa nilalaman ng natukoy na nanotaryong dokumento. Mula sa pagsisiyasat ng mga lumang obra ng mga kronista, hindi mapasisinungalingang nanggaling sa isang may-akda ang pagkakamali: si Fr. Moreno Donosa, na ipinahayag ang kataksilan ni Lacandola; si Fr. San Agustin, na sinunod ang sanggunian ni Fr. Donosa tungkol kay Li-Mahong; si Fr. Antonio na humango sa volume ni San Agustin na pinaigting ang pagsipi kay Padre Conception.¹²

Nagsimula ang kuwento nang ipinadala ni Miguel López de Legazpi (1502-1572) sina Martin de Goiti (1534-1575) at Juan de Salcedo (1549-1576) para galugarin ang isla ng Luzon. Sinalubong sila ng kapayapaan nina Raha Matanda, ang Panginoon ng Maynila, at ni Raha Bago Soliman, ang kanyang pamangkin, na inatake ang mga Espanyol sa pamamagitan ng kanyon ngunit napagtagumpayang maipigil ito ni Goiti. Bumalik sina Goiti at Salcedo sa Panay upang maibalita kay Legazpi ang nangyari. Matapos malaman ni Legazpi, agaran siyang tumungo ng Cavite at

¹¹ Luis C. Dery, “Sina Raha Katunao, Lakandula, Tupas, at Matanda: Isang Pag-Aaral Sa Kanilang Kasaysayang Pampamilya,” *Transactions of the National Academy of Science and Technology Philippines* 14 (1992): 619.

¹² Isabelo de los Reyes and Casareo Blanco, “Los Regulos De Manila,” in *Artículos Varios Sobre Etnografía: Historia y Costumbres De Filipinas*, (Oakland, California: University of California, 1888), 91-93.

binisita ng isang morong si “Dumandul,” na inilahad ang hangaring pangkapayapaan ni Raha Matanda na salungat sa pamangking si Raha Soliman na kasabawat ni Lacandola. Dumaong sina Raha Matanda at si Lacandola sa pamamagitan ng caracoa upang makita si Legazpi, nag-alok sila ng matutuluyan para sa Espanyol na maglalayag. Mula sa pagtatapong ito, naging matalik na kaibigan ni Lacandola ang mga Espanyol hanggang sa nagkaroon ng bahay sina Legazpi, kasama ang mga anak at iba pang kamag-anak, maging ang ilang mga miyembro ng prinsipalya. Mula rito, umusbong ang monopolyo ng mga bilihin at nagkaroon ng mga daungan para sa mga dayuhan. Kalaunan, isinusuko na ng mga nasasakupan ni Lacandola ang mga buwis sa mga Espanyol na nagbunga ng dalawang daan at limampung pabahay sa mga dayuhan at relihiyoso upang maipalaganap ang Ebanghelyo at mamahala sa mga sakramento.¹³

Dulot ng mga nasabing pangyayari, narito ang ilang nagtatalabang mga pahayag ng mga kronista: para kay Fr. San Agustin, sinikap na tumulong ni Lacandola sa planong rebolusyon ng mga taga-Agonoy at Macabebe, Pampanga; para kina Fr. Ferrando at Fr. Fonseca, hindi nakiisa si Lacandola sa pagsalakay ni Soliman laban sa mga Espanyol; ayon sa mga dokumento ng mga kamag-anak ni Lacandola, noong sasakupin na ni Goiti ang Pampanga, inimbitahan si Lacandola na magsilbi sa isang Maestre de Campo ng probinsya upang sundin ng kanyang mga nasasakupan sa pagbibigay-pugay sa Espanya; may suspisyon ding “pamilya” ang naging dahilan sa pagbabalik ni Lacandola sa Maynila; para kay de los Reyes, maaaring nagkamali lamang ang ibang kronista sa pangalan, baka Lacandola ang nailagay sa halip na Soliman; at para kay Fr. Moreno, hindi nakuntento ang grupo nina Lacandola at Rajah Soliman sa pagpatay sa mga Augustinyano at mga sakristan bilang pagrerebelde sa mga Espanyol, bagkus nagnakaw pa sila mula sa mga barko ni Salcedo.¹⁴

3.2. EL DIABLO EN FILIPINAS

Matatagpuan sa *Artículos varios sobre etnografía: Historia y costumbres de Filipinas* ang obrang *El Diablo en Filipinas* noong 1885. Maaaring

¹³ Ibid., 94-95.

¹⁴ Ibid., 96-97.

maakses sa Internet Archive at Biblioteca Digital Hispanica ang orihinal na kopya sa wikang Espanyol. Nagkaroon ng salin sa Ingles at anotasyon sa pamamagitan ng kolaboratibong proyekto nina Benedict Anderson, Carlos Sardiña Galache, at Ramon Guillermo na pinamagatang *Ang Diablo sa Filipinas ayon sa nasasabi sa mga casulatan luma sa Kastila*. Ibinahagi ni Megan Thomas sa grupo na dalawang taon matapos mailathala ang orihinal na teksto, hinati sa apat na bahagai ng bilingguwal na pahayagang *La España Oriental* ang orihinal na *El Diablo en Filipinas*, sa parehong Espanyol at Tagalog. Ipinadala pa ni Thomas sa kanila ang scanned copies ng nasabing apat na bahagi. Kaya kabilang sa isinaling aklat ang matagal nang nakalimutang salin sa Tagalog na binuo ni de los Reyes noong dalawampu't limang taon pa lamang siya.¹⁵

Payak at katutubo ang naratibo ng *El Diablo en Filipinas*. Isa itong pag-uusap sa pagitan nina "I," isang komedyante (na marahil mismong si Isabelo) at ng Tagalog na kaibigang si Gatmaitan na mahilig sa mga superstisyosong aklat. Nang malaman ang pagyao ng gobernadorcillo na may tanyag na silid-aklatan sa Bulacan, agarang tumungo ang magkaibigan upang makausap ang nabalo na asawa. Pinapasok silang dalawa sa naturang silid-aklatan maliban sa isang misteryosong silid nito. Unang hinanap ni Gatmaitan ang isang Munting Aklat na pinaniwalaang naglalaman ng mga sinaunang alamat, ngunit nabigong matagpuan ang itinuring na anting-anting na ito. Alinsunod dito ang debate nila tungkol sa pagkakaroon ng mga aparisyon, dwende, diyablo, salamangkero, at iba pa. Hindi naglaon may napakatuling dagang dumaan kaya mabilis na tumakbo si Gatmaitan, nauntog sa pinto ng silid-aklatan, at pumlakda sa sahig. Nasindak sa daga si Gatmaitan dahil inakala niyang isa itong demonikong multo ng directorcillo. Sinubukang tumulong ni "I" ngunit natalisod kay Gatmaitan at nauntog din. Kumaripas ang nabalong asawa ng gobernadorcillo upang tulungan sila at bigyan ng gamot. Kumaripas sa pag-alis ang dalawa dulot ng kahihyan sa sariling kahangalan. Sa susunod na mga sub-seksyon, matutunghayan paghimay ng matitingkad

¹⁵ Benedict Anderson, Carlos Galache, and Ramon Guillermo Guillermo, trans. *Isabelo De Los Reyes' Ang Diablo Sa Filipinas Ayon Sa Nasasabi Sa Mga Casulatan Luma Sa Kastila* (Mandaluyong City: Anvil Publishing, 2014), 8.

na tema sa naging pag-uusap nina “I” at Gatmaitan sa “El Diablo en Filipinas.”

3.3. EL TINGUIAN

Matatagpuan pa rin sa *Artículos varios sobre etnografía: Historia y costumbres de Filipinas* ang obrang *El Tinguian* na inilathala noong 1887. Maaaring maakses ang orihinal na kopya sa Internet Archive at Biblioteca Digital Hispanica na nasa wikang Espanyol, habang mayroon din itong bersyon na salin sa Ingles ni Ma. Elinora P. Imson. Nagsimula ang pag-aaral sa paghahandog ng obra ni de los Reyes kay Ferdinand Blumentritt (1853-1913). Aniya, maraming mga inilathalang publikasyon ang mga dayuhan ngunit talamak ang hindi kawastuhan dahil sa mga maling pakahulugan ng mga Espanyol hinggil sa Pilipinas. Aminado ang Ilokanong polimatang batid niya ang interes ng Alemang propesor sa pag-aaral ng hinggil bansa, kaya inalay ito sa dayuhang kaibigan at nagmadaling ipinadala ang akdang diumanong walang kaayusan ang mga tala. Nagsimula si de los Reyes sa pagsasabing nahahati sa dalawang grupo ang mga naninirahan sa isla ng Pilipinas noong makipag-ugnayan sa mga Espanyol, ang mga sibilisadong katutubo at ang mga barbarikong tagabundok. Pinakalayunin ang pabulaanang nagmula ang mga Tinguian sa pamilyang Mongolian. Katulad lamang sila ng ibang katutubong Filipinong mula sa lahing Malay na malinaw na makikita sa kanilang wika, tradisyon, at etnograpiya.¹⁶

Ilan sa mga natatanging obserbasyon ang nakita sa mga Tinguian: nanirahan sila sa tabi ng ilog o sapa; mayroon silang kubo na yari sa kahoy, kawayan, o kogon; may mga muwebles, kasangkapan, at banga; may praktika ng pagpinta sa kanilang balat o pagtatato; marunong magsulat at magbasa, may panlipunang prinsipyo; at may sariling estilo ng pananamit. Ang mga tala hinggil sa Tinguian ng Abra ay kinatawan ng awtentiko at primitibong estado ng Tinguian.¹⁷ Ipinagtibay rin ang pag-iral ng kanilang pananampalataya dahil may bersyon sila ng mga anito (maaaring masasama o mababait na mas mababa ang antas sa diyos), mga uri ng templo, bathala, pari (tinawag na “Baglan” na paborito ng mga

¹⁶ Ma. Elinora Imson, trans. *The Tinguian* (Baguio City: Cordillera Studies Center, 2007), 30.

¹⁷ *Ibid.*, 31-36.

anito), mga halamang nakagagamot, paniniwala sa pag-alis ng kaluluwa sa katawan at pagtungo sa kabundukan upang umawit, at konsepto ng paraisong matatagpuan sa bulubundukin. Sa pamamahala at pagpapatupad ng batas, inilatag ang pagkakaroon ng gobernadorcillo na Tinguian; may tribunal o lokal na establisyamento ng pamamahala; may kalihim (o esquilbano) na natatanging marunong magsulat sa nayon; gumagamit ng wikang Iloko sa pakikipag-ugnayan; sumandig sa mungkahi ng matatanda at paghatol ng hukom ng kaparusahan sa mga kriminal at sibil na kaso.¹⁸ Naglaan ng espasyo upang maidetalye ang pagtalakay sa panliligaw, panganganak, pagpapakasal, pagluluksa, mabubuti at masasamang katangian, at pagkahilig sa musika.

3.4. EL FOLKLORE FILIPINO

Inilathala sa orihinal na wikang Espanyol ang obrang pinamagatang *El Folklore Filipino* noong 1889. Maaaring maakses ang orihinal na kopya sa Biblioteca Digital Hispanica na nasa wikang Espanyol, mayroon itong bersyon na salin sa Ingles nina Salud C. Dizon at Ma. Elinora P. Imson. Sa unang kabanata, ipinakita ang mga paksang umiinog sa relihiyon, mitolohiya, at sikolohiya sa pamamagitan ng diskusyon sa mga misteryosong nilalang na kaloob ng kalikasan at mga sinaunang praktika at paniniwalang kaugnay ng mga likas na yaman, mga karaniwang hayop, paraan ng pamumuhay, pinanggalingan ng sansinukob, at mga tradisyonal na panggagamot. Hindi ipinagdamot ng materyal ang malawak na pagbabahagi ng mga bugtong, superstisyon, at alamat. Bukod dito, komprehensibong tinalakay ang listahan ng mga superstisyong Ilokanong kawangis sa Europa (katulad ng paniniwala sa duwende), isang paliwanag sa kasaganaan ng superstisyon sa pagsampa ng rehimeng Espanyol.¹⁹ Sa ikalawang kabanata, pinagtuunan ang sibilisasyon ng malalayong rehiyon tulad ng Ilocos na natagpuan noong panahon ng pananakop. Kaya naging partikular ang diskusyon sa usapin ng pagbubuntis at panganganak, pagbibinyag, pagpapakasal, at pagluluksa katulad ng naging diskusyon sa *El Tinguian* at *Historia de Ilocos*.

¹⁸ Ibid., 47-49.

¹⁹ Isabelo de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, trans. Maria Elinora P. Imson and Salud C. Dizon (Quezon City: University of the Philippines Press, 2012), 127.

Sa ikatlong kabanata, bumungad ang bukas na liham ni de los Reyes kay Madame Andzia Wolska na may pagtuon sa kasaysayan ng edukasyon ng kababaihan. Aniya, maaaring makatulong kay Wolska ang mga isinulat ng inang si Doña Leona Florentino na pinagtuunan ang literatura hinggil sa kababaihan. Sa kabilang banda, winakasan ang kabanata ng isang poetikong pagpupugay para kay Santo Papa Leon XIII alinsunod sa ikalimampung anibersaryo ng kanyang ordinasyon sa pagkapari.²⁰ Kalakip nito ang isang apendiks na naglalaman ng mga indibidwal na artikulo hinggil sa Ilokanong folklore upang makasama sa aklat na ito ang lahat ng mga sanaysay na nagwagi ng gantimpala sa Philippine Exposition. Matutungahayan ang mga alamat na may kinalaman kina Diego Silang at Salarogo Ambaristo, mga kwentong *The Street of the Head* ng Madrid na may pagkakatulad sa *His Honor's Doctor* ng mga Ilokano, mga bugtong ng Ilokanong kawangis ng mga Filipinong bugtong, mga halamang nakagagamot, mga itinuring na Filipinong manggagamot, ang mga abdominal na praktika, mga Filipinismo o mga pahayag at ekspresyong mula sa Espanyol; pagsasalin ng mga idyomang Filipinong kasabihan; at mga itinuring na diyos-diyosan ng mga katutubo tulad ng agimat, mahiwagang bato, gayuma, at iba pa.²¹

Upang mapangatwiran ang *El Folklore Filipino* sa monograpo, kabilang sa mga sumunod na pahina ang folklore ng Zambales na may diskusyong tungkol sa mga praktika at tradisyon tuwing Araw ng Patay at mga kasalan sa nayon; folklore ng Malabon na nagbahagi ng mga popular na paniniwala, mga bugtong, medisina, pag-iibigan, at pagkamatay. Sanhi ang kasalatan sa mga materyal kaya isinama na rin ang monograpong Malabon na tinalakay ang maikling kaligirang historikal, sistema ng transportasyon, mga nayon at gusali, populasyon at kultura, agrikultura, industriya, pangangalakal at ilan pang karagdagang impormasyon. Sa bahagi ng administratibong folklore, masasaksihan ang dedikasyon sa noong patnugot ng *La España Oriental* na si Juan Atayde; ang kathang-isip na kuwento hinggil kay Isio (na may pagkakatulad sa buhay ni de los Reyes); ang kopya ng sertipiko ng paggawad ng medalyang pilak para sa

²⁰ Ibid., 325-413.

²¹ Ibid., 419-469.

akdang ito;²² at ang inilaang tula sa asawang si Josefa de Sevilla kung saan inihalintulad ang kababaihan sa mga bulaklak.²³

3.5. HISTORIA DE ILOCOS

Inilathala sa orihinal na wikang Espanyol ang obrang pinamagatang *Historia de Ilocos* noong 1890. Maaaring maakses ang orihinal na kopya sa Internet Archive at Biblioteca Digital Hispanica na nasa wikang Espanyol, mayroon itong bersyong salin sa Ingles ni Ma. Elinora P. Imson. Kung inihandog ni de los Reyes kay Blumentritt ang *El Tinguian*, para sa akdang ito minabuti naman niyang maglaan ng espasyo ng dedikasyon para kay Juan Luna (1857-1899). Bilang kapwa-Ilokano, taos-puso siyang nagpasalamat sa mga inambag na karangalan at inalay ang akda bilang tanda ng paghanga sa dakilang pintor. Nahati sa panahon bago ang kasaysayan (prehistory) at ang kasaysayan (history) ang materyal.

Sa unang volume na sakop ang panahon bago ang kasaysayan, makikita sa iba't ibang kabanata ang mga paksa hinggil sa etnograpiya, paleograpiya, pilolohiya, panlipunang organisasyon, lehisasyon, mitolohiya, at sinaunang kaugalian. Hindi nabilib si de los Reyes sa teorya ng migrasyon ni Joseph Montano (1844-1890), isang iskolar na Pranses na kinomisyon ng pamahalaang Pranses upang pag-aralan ang mga lahing oryental. Dahilan ang diumanong pagbatay lamang sa sariling obserbasyon at paggamit ng mga tala ng iba pang mananaliksik.²⁴ Iginiit ni de los Reyes ang sariling bersyon kung saan binuo ng apat na uri ng lahi ang mga nanahan sa Pilipinas.²⁵ Sa sinaunang paraan at sistema ng pagsulat ng mga Pilipino at Ilokano, naging sandigan ang mga Kanlurning pag-aaral kaya nakabuo si de los Reyes ng komprehensibo at makabuluhang paleograpikong talahanayan ng alpabetong Ilokano. Tunay na magkahawig ang mga letrang Ilokano sa mga pantigan (syllabaries) ng mga Tagalog, Visayan, Kapampangan, at Pangasinense nina de Mas et al. at lumalabas ang mga kaunting pagkakaiba.²⁶

²² Ibid., 419-628.

²³ Ibid., 645-651.

²⁴ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 11-14.

²⁵ Ibid., 20.

²⁶ Ibid., 24-25

Napakaraming mga diyalekto sa bansa, winikang maaaring may katumbas din ang mga panlipunang uri sa sinaunang Ilocos: ang mga “agturay” (o mga pinuno) at “babaknang (o mga prinsipalya);” ang mga indibidwal sa kanayunan; ang mga “tagubu” (o mga alipin); at ang mga “kailian” (o malalaya).

Kaakibat ng mga paggugrupon ito ang mga pribilehiyo at kaparusahang alinsunod sa batas at kaugalian dahil wala namang nakatalang batas, hindi salik ang kasarian o edad sa legal na usapin. Idinetalye rito maging ang mga legal na hakbang at sistema sa iba’t ibang kaso tulad ng paghihiwalay, usapin ng mana, krimen, at paraan ng pangangalakal. Naging sandigan din ang mga mitolohiya upang mapanatili ang panlipunang kaayusan. Ang mga misteryosong nilalang tulad ng “Kaibaan” o “Kibaan,” “Bul-lalayao,” “Ladaoan,” “Mangmangkik,” “Litao,” at ang mga anito ang ilan lamang sa mga dahilan kung bakit hindi basta na lamang makapapasok sa kagubatan at may pagmamalasakit sa mga karagatan. Komprehensibong idinetalye rin ang mga sumusunod na aspekto at nakasanayan ng sinaunang sibilisasyong Ilokano tulad ng pananamit, pagluluto, panganganak, pagbibinyag, pagpapakasal, pagkamatay, pabahay, paglalayag, pagkahilig sa musika at paggamit ng armas.

Sa ikalawang volume na saklaw ang panahon ng kasaysayan, pinagtuunan ang kalagayan ng sinaunang Ilocos na nahahati sa mga siglo: ang ikalabing-anim, ang ikalabimpito, at ang ikalabingwalong siglo. Malinaw na mga tema sa bawat siglo ang pagpokus sa pagiging ganap ng mga bayan sa Ilocos, pagluklok at pag-alis o paglisan ng mga Obispo, at mga naranasang sakuna at delubyo (tulad ng kolera, kagutuman, lindol, bagyo, bulutong, at trangkaso). Sakop ng ikalabing-anim na siglo ang pagtuklas ni Salcedo sa Ilocos, pananakop ni Li-Mahong, ang malawakang ekspedisyong ng mga dayuhang Franciscano at Augustinyanong prayle sa Ilocos, pamimirata ng mga Tsino, pagkatatag ng Diyosesis ng Nueva Segovia, pag-aalsa ng mga Ilokano laban sa Espanya, at ang pagkakaroon ng kauna-unahang Obispong si Fr. Miguel de Benavides. Saklaw naman ng ikalabimpitong siglo ang malinaw na tunggalian ng mga relihiyoso at ng mga encomenderos, sagupaan ng mga tropang ipinadala ng Gobernador Francisco Tello at ng mga Igorot, ang panahon ng taggutom, magagandang resulta ng ebanghelisasyon sa mga katutubo, at pagsalakay ng mga piratang Ingles ang baybayin ng Ilocos. Nagsara ang siglo sa

pagkilala sa mga manunulat tulad nina Fr. Alonso Cortes para sa tatlong di-nailathalang volume ng mga moral na sermon at panehiriko (1695) at si Fr. Guillermo Sebastian para sa “*The Christian Shield (1721)*” na parehong nasa wikang Iloko.²⁷

4. MGA TEMA AT DISKURSO NG PAMIMILOSOPIYA NI DE LOS REYES SA YUGTO NG KANYANG PAGHUHUBOG

Batay sa malalimang pagbasa ng nilalaman ng limang mahahalagang akda ni de los Reyes sa panahon ng paghuhubog, masasaksihan ang matitingkad na diskurso at tema tulad ng 1) tungkol sa Ilocos, 2) prehispaniko at di-hispanikong Filipinong kultura, 3) pre-hispaniko at di-hispanong Filipinong relihiyon, 4) ilang mga paglilinaw sa kasaysayan, 5) kritisismo sa kolonyalismo at Katolisismo, 6) eklesiyastikal na ugnayan, 7) ilang mga kilalang personalidad.

4.1. TUNGKOL SA ILOCOS

Ipinagmalaki ni de los Reyes ang pagiging probinsyal. Katibayan ang pagbibigay-pugay sa mga tagumpay ng Ilocos at ng mga mamamayan nito katulad ng pagbubukas ng museo - biblioteca sa seminaryong Vigan, ang pagkapanalo ng kalesang Vigan sa Eksposisyon ng Madrid noong 1887, at ang matagumpay na paglalatag ng mga komersyal na produkto.²⁸ Sa likod ng Ilokanismo ang pagkukusa upang mas mapalawak ang katutubong pagigiit. Ipinamalas ni Rizal ang reserbasyon sa mga inilalathala ng Ilokanong polimata sa dahilang maaaring hindi sumalamin sa lipunang Pilipino ang itinuturing na kaalamang bayan iginigiit ni de los Reyes, bagkus sumalamin lamang sa mga kaalamang bayan ng mga Ilokano. Sa kabilang banda, sa paglalahad ng kasaysayan ng Ilocos, nilinang niya ang natatanging wika, kultura, at tradisyon habang naging malay sa mga pagkakaiba, kahinaan, at kagandahang-loob ng mga ito bilang isang probinsyano at Ilokano. Ipinagpalagay ni de los Reyes ang kanyang awtoridad bilang isang indibidwal na may kaalamang nakaugat sa “loob” ng rehiyon at tinugunan ang mga natatanging teritoryal at etnikong pagbasa. Pinayabong ng Ilokanong polimata hindi lamang ang sariling

²⁷ Ibid., 228-237

²⁸ Mojares, *Brains of the Nation in “Deploying Local Knowledge,”* 290.

lupang tinubuan, bagkus hinayaang umusbong ang sensibilidad ng mga mamamayan tungo sa pagiging rehiyonal na publiko.²⁹

Sa pamamagitan ng mga nakuhang impormasyon sa mga indibidwal na may malalim na kabatiran sa Ilokanong kalinangan, higit na ipinagtibay ni de los Reyes ang sariling karanasan at kaalaman sa kultura at tradisyon ng Ilokanong magpapatingkad sa etnograpiya, paleograpiya, pilolohikal na datos, panlipunang konstitusyon, lehisasyon, mitolohiya, at mga sinaunang kaugalian. “Katulad ng mga naunang kronistang Espanyol at propagandista (gaya nila Trinidad Pardo de Tavera, Pedro Paterno, Jose Rizal, at iba pa), ibig ipakilala ni de los Reyes na may malalim nang ugnayang panlahi ang mga Ilokano sa iba pang pangkat sa Pilipinas at sa malaking bahagi ng Asya: *“Tagalog, Pangasinan, and Guinaan terms are found in the Tinguian dialects. After having expressed my humble opinion that the Tinguian and the native belong to the same family, the Malay, it is but logical that I reinforce the probability of my hypothesis with linguistic data.*”³⁰ Bukod sa lingguwistikang pananaw, ipinokus din ni de los Reyes ang pag-aaral sa pinanggalingan ng Tinguian (na ninuno rin ng mga Ilokano) para mapatunayang nagmula ito sa iisang lahing pinagmulan din ng iba pang mga katutubong Filipino: *“my objective in writing this chapter is mainly to refute the dominant opinion that the Tinguians are of the Mongolian family. They, like the other indigenous Filipinos, are of Malay filiation as can be seen in their languages, traditions, ethnography, and other evidence.*”³¹ Gayong binigyang - diin ni de los Reyes ang kaugnayan ng mga Tinguian sa mga katutubong Filipino at sa iba pang mga grupo, mabilisang ipinahayag na hindi tugmang-tugma ang mga grupo sa naturang etnolingguwistikong grupo. Maliwanag ang pagkakatulad ng pananaw ni de los Reyes sa perspektiba ng mga Espanyol na hindi pa ganap na sibilisado ang mga Tinguian.

Hindi lingid sa kaalaman ang layunin ni de los Reyes na makapaglathala ng antolohiya ng mga kakatwa ngunit hindi pa nalilimbag na dokumento, liham, ulat, tula, at periyodikal na artikulo sinulat niya mismo at ng iba pang kontributor. Sa isang banda, aminado si de los

²⁹ Ibid., 249.

³⁰ de los Reyes, *El Tinguian*, 62.

³¹ Ibid., 30.

Reyes na nahirapan siyang isulat ang mga aklat hinggil sa Ilocos nang malayo sa naturang lugar. Sa kabilang dako, binanggit niya ang orihinal na planong bumuo ng mas mahabang obrang naglalaman ng pitong kabanatang umiinog sa folkloreng Ilokano, ngunit kinailangang bitawan ang planong ito bunsod ng iba't ibang obligasyon bilang isang mamamahayag.³² Hindi lamang pinlanong magsulat ng aklat ni de los Reyes upang makabuo ng arkibo ng kultura at kasaysayan ng mga kapwa-mamamayan, datapat nakitang oportunidad upang maglagak ng kontribusyon sa bagong eskuwela (“ciencia nueva”) na may sistematika at masasandalang datos para sa syentipikong teorya. Masiglang inilahad ni de los Reyes ang entusiyastikong tugon ng mga iskolar sa Europe: “*They say that with “El Folk-lore Ilocano,” setting aside misunderstood concepts of patriotism, I have offered myself to Ilocos, my adored country, and that I have provided the scholars with abundant materials so they can study its ancient history and other scientific problems pertaining to that province.*”³³ Sa tunguhing obhetibong mailahad ang proyekto, isinugal ni de los Reyes na maaaring mawala ang pagmamahal ng mga kapwa-Ilokano dahil ibinahagi niya maging ang mga hindi kanais-nais na praktika ng mga taga-Ilocos: *The Ilocanos, especially those from Ilocos Norte, before they begin to cut trees in the mountains sing the following verses: “do not feel bad my friend because we cut as we are ordered.”*³⁴ Isinasagawa ito upang hindi magambala at sumama ang loob ng mga mangmangkik na naninirahan sa mga puno.

Naglatag si de los Reyes ng paglalarawan ng mga mitolohikal na nilalang, mga mito, mga iginagalang na bagay, mga anting-anting, at gayuma, meteorolohikal at zoolohikal na paniniwala, paniniwalang pandagat, mga manggagamot at manghuhula, at lokal na nosyon ng kaluluwa. Sa walang katiyakang paghahanay, sinikap niyang mailahad ang mga superstisyong Ilokanong kahawig at matatagpuan sa Europa.³⁵ Binuksan ni de los Reyes ang usapin sa isang paniniwalang Ilokanong tungkol sa tandang na may pagkakahawig sa mga taga-Europa: “*When roosters grow old or reach their seventh year at one’s house, they lay an*

³² Mojares, *Brains of the Nation* in “Deploying Local Knowledge,” 306.

³³ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 19.

³⁴ *Ibid.*, 33.

³⁵ Mojares, *Brains of the Nation* in “Deploying Local Knowledge,” 308-309.

*egg from whence there emerges a green lizard that will kill the master of the house.”*³⁶ Ayon sa mga Portuges at Pranses, ahas ang lumilitaw: kung unang tumingin ang ahas sa amo, mamamatay ang amo. Mula naman sa mga Italyano, Ingles, at mga Europeyanong sentral, isang basilisk o ang hari ng mga ahas ang lalabas mula sa isang itlog. Alinsunod sa paniniwalang Galiciano at Ilokano, lalabas mula sa itlog ang isang alakdan. Higit pa sa mga sentimento ng parokyalismo, hindi lamang payak na nativismo ang ipinaglalaman ni de los Reyes. Mula ito sa sariling makasining na paghahayag kung saan mailalatag niya ang lokal kontra sa dayuhan, kung ano ang popular laban sa elitismo ng mga ilustrado ng kabisera. Isinatamang ginawang pundasyon ni de los Reyes ang mga panulat para sa demokratikong puwang sa puso: *“it is recognized that the [natives] are at the same intellectual level as the Europeans.”*³⁷

Buhat nito, binigyang-panahon din ang pagbubukas ng ikalabing-anim na siglo nang madiskubre ang Ilocos, sa ilalim ng pamumuno ng kongkistador na Espanyol at Kapitan-Heneral ng Pilipinas na si Juan de Salcedo (1549-1576). Sa pagkakataong ito, naging representasyon ang Ilocos bilang isa sa mga lugar sa bansa na nakaranas ng mabubuti at masasamang epekto ng pananakop. Sa pagkahumaling ni Salcedo sa mga kalye ng Ilocos, ipinaliwanag sa mga katutubo ang bentahe ng proteksyon mula sa monarkiyang Espanya, ang kabanalan ng Katolisismo, ang mga kamalian at kakapusan ng primitibong teogoniya.³⁸ Natagpuang ni Salcedo sa panahong ito ang isang villa sa Vigan na pinangalanang “Fernandina” upang bigyang-parangal si Prinsipe Fernando, ang anak ng dating Haring Espanyol na si Felipe II at Doña Ana. Dito nagpatayo siya ng sariling bahay, kuta, simbahan, at iba pang probinsyal na gusali, nagbigay ng trabaho at tungkulin sa mga kasamahan, at nagtustos ng pangmintini naturang villa.³⁹ Naging tanyag si Salcedo sa pakikipaglaban sa tropa ni Li-Mahong, isang kilalang mananakop at piratang Tsino. Sa pagyao ni Salcedo dulot ng malarya, sinunod ang sinaunang Ilokanong paraan ng paglibing sa pamamagitan ng pagkuha ng kanyang bungo. Naglaan ng eulohiya si de los Reyes kay Salcedo upang kilalanin ang

³⁶ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 129.

³⁷ Mojares, *Brains of the Nation in “Producing Isabelo,”* 351.

³⁸ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 139-142.

³⁹ *Ibid.*, 148.

sakripisyo, kabutihang-loob, at pagmamahal hindi lamang sa mga Ilokano, bagkus maging sa mga naging bihag na rebelde at katutubo.⁴⁰

Alinsunod dito, hindi natulog ang mga katutubong Ilokano sa pagpigil sa laganap na pananakop ng mga Espanyol. May ilang bahagi ng Ilocos ang nag-aklas at sinugod ang mga walang-awang pamimirata ng mga Tsino—ang pagpatay sa Gobernador Gomez Dasmaringas, pananambang sa mga Ilokano sa Sinait, pagkitil at pag-aalay ng isang katutubo sa mga diyos. Bagay na kalaunang naparusahan ng awtoridad ng Tsina sa kanilang pagbalik sa sariling bansa. Kaalinunod sa mga pagbawi ng buhay ang panganganak ng Diyosesis tulad ng Diyosesis ng Nueva Segovia, sa Vigan. Sinikap ng mga prinsipalyang sina Kafugao at Tuliao magkaroon ng pag-aalsa ang mga Ilokano laban sa paghahari ng Espanya. Sa halip na suportahan ng babaknang ng Ilocos ang dalawa, pinaniwalaang ang Relihiyoso ang sasagip sa kanila sa mapang-abusong encomenderos. Bukod dito, kabilang sa mga itinatag na bayan ang Agoos, paghiwalay at pagsanib muli ng mga bayan ng San Juan at Bauang. Isinara ni de los Reyes ang ika-labing-anim na siglo ng sinaunang Ilocos sa pagluklok ng kauna-unahang Obispong si Fr. Miguel de Benavides (1552-1605), isa sa mga unang Dominikanong dumaong sa Pilipinas, tagapagtatag ng Colegio de Sto. Tomas (kasalukuyang Unibersidad ng Sto. Tomas), at naging misyonaryo ng Tsina.⁴¹

Hindi nakaligtaan ni de los Reyes ang pagbanggit ng mga natatanging Ilokanong personalidad kaakibat ang naging kontribusyon sa kasaysayan ng Pilipinas, alinsunod ito sa kanyang mithiing mapagtanto ang taglay na katapangan at kadalubhasaan ng mga itinuring na indiyos. Hindi makukumpleto ang diskusyon sa bahaging ito nang walang espasyo para sa mga kritiko ni de los Reyes. Bukod sa pag-alma ni Marcelo del Pilar sa isinulat ni de los Reyes sa *Diario Manila* hinggil sa Ilokanong bayani, binigyang-kritisismo rin ni Rizal sa kanyang ideyalisasyon ng [mga Ilokanong personalidad] (Mojares, “Producing Isabelo” 342). Si Diego Silang, isang katutubo ng Pangasinang nakatira sa Vigan, nagpaliyab ng apoy ng rebelyon sa Ilocos. Aniya, *“a certain Diego Silang...it is not clear what his true motives were in doing it. In the beginning, he presents himself as a defender of the Spanish cause,*

⁴⁰ Ibid., 155-159.

⁴¹ Ibid., 174-181.

making people believe that the Alcalde was going to turn over the province to the English...[but then] Silang demonstrated that the Spaniards who were in the province could not do anything against them if the Indios united."⁴² Si Juan Luna, isang kapwa-ilustradong hinangaan sa mga karangalan para sa Inang Ilocos dulot ng mga obrang *Spoliarium*, *Batalla de Lepanto*, *Muerte de Cleopatra*, at iba pang mga kahanga-hangang unibersal na ipinintang obra: *"how can we, your fellow Ilocanos who so proudly share all your resounding triumphs, show you how deeply grateful we are for all those invaluable honors? We are but men with human limitations while your paintbrush is divine."*⁴³ Sa kabilang dako, ipinagmalaki rin ang kuwento ng kabayanihan nina Lorenzo Peding at Pedro Lopez bilang mga pangunahing Ilokanong bayani sa panahon ng ikalawang pananakop sa Zambales ng mga rebelde: *"In Ilocos, no one now remembers these two great and courageous Ilocanos. In order to remedy such a great injustice, it would be just to immortalize their memory by naming some towns in Ilocos after them."*⁴⁴

4.2. PREHISPANIKO AT DI-HISPANIKONG FILIPINONG KULTURA

Walang sinoman ang may pinakalokal na diskursong katulad ni de los Reyes dahil hindi lamang niya binigyang-atensyon ang kasaysayan ng rehiyonal na tahanan, bagkus patuloy na isinulong ang proyekto sa paghahain ng pananaliksik sa pag-iral ng sinaunang lipunang Filipino. Noong 1886, kinailangang sulatan ni Blumentritt si Rizal: *"ang iyong kababayan, ang aking minamahal at hinahangaang kaibigang si Isabelo de los Reyes ay laging may pinagkakaabalahan. Kalugod-lugod ang kanyang mahahalagang etnograpiyong obra. Nakahihinayang lamang na hindi siya nakapag-aral ng etnograpiya na mas makapagpapalinaw ng mga ginawa niyang pag-aaral."*⁴⁵ Nanaig ang pagiging tagapagsulong ng kakayahan ng mga Filipino ni Blumentritt, kaya mas naging malinaw ang pagiging suportado kay de los Reyes bilang

⁴² Ibid., 257-259.

⁴³ Ibid., 5.

⁴⁴ Ibid., 207.

⁴⁵ Mojares, *Brains of the Nation in "Producing Isabelo,"* 345.

isa sa mga Filipinong iwinaksi ag mga akusasyon sa kawalang - kakayahan ng mga sinaunang Filipino.⁴⁶

Pinabulaanan ni de los Reyes ang laganap na kaalamang walang kabihasan ang mga sinaunang Pilipino sa pagdating ng mga mananakop. Aniya, nahati sa pagitan ng sibilisadong katutubo at barbarikong tagabundok ang mga sinaunang nanirahan sa Pilipinas na may natatanging wika, kaugalian, pamahalaan, panlipunang prinsipyo, at pananampalataya. Natatangi ang pamahalaan at pag-iral ng batas sapagkat bukod sa tinaguriang pinuno ng lipunan, sumandig ang komunidad sa panukala ng matatanda kapag naharap ang sinoman sa usaping kriminal at sibil na kaso. Sa usapin ng tradisyon, natunghayan ang pagtalakay sa mga ritwal ng panliligaw, panganganak, pagpapakasal, at pagluluksa. Walang pag-aalinlangang tinukoy ni de los Reyes ang sarili bilang “kapatid ng mababangis na Aeta, Igorot, at Tinguian” bilang paraan ng sariling representasyon at tanda ng awtentisidad ng kultural na kaalamang kanyang nadiskubre. Gayong pinagtuunan niya ang katutubo at lokal na kaalaman, napagtanto ni de los Reyes ang kahalagahang komparatibo ng kanyang obra sa pamamagitan ng pagdulog at pagpapatibay ng pandaigdigang komunidad ng mga iskolar.⁴⁷ Natunghayan ang sinaunang anyo ng sining tulad ng pagkakaroon ng mga musikal na instrumento at mga uri ng sayaw. Karamihan sa mga elemento ng materyal na ito ay detalyadong tinalakay sa Historia de Ilocos sa susunod na diskusyon. Gayong may kabihasan, nanindigan si de los Reyes na hindi pa ganap na sibilisado ang mga Tinguian. Ayon sa Darwinistang Panlipunang Ebolusyonismo, maituturing silang marangal ngunit hindi pa sibilisado (noble savage).⁴⁸

Kapag pag-uusapan ang mana (o inheritance), minsan mayroon silang nakasulat na huling habilin dahil mas madalas na nangyayari ang verbal na testamento. Sumangguni si de los Reyes sa *The Philippine Islands* (1882) ni Francisco Javier de Moya y Jimenez, tinalakay rito na kadalasang ginagawa ng mga Ilokanong pamilya ang “bilang.” Isa itong imbentaryo ng mga ari-arian kung saan sasang-ayunan ang paghahati-hati ng mga mana kapag namatay ang namumuno sa pamilya. Priyoridad

⁴⁶ Ibid., 345.

⁴⁷ de los Reyes, *El Tinguian*, 10.

⁴⁸ Ibid., 10-12.

sa linya ang panganay na lehitimong anak na lalaki, o kundi man, ang mga susunod na anak na lalaki.⁴⁹ Sa usapin ng krimen at pagkakasala, pagmumulta ang kalimitang kaparusahan sa mga krimen, sumunod na lamang ang pagkaalipin o kamatayan para sa salang pagpatay o pagnanakaw. Itatali sa puno (tree trunk) o sa poste ang nagkasala at paulit-ulit na sasaksakin ng sibat (spear) ng mismong agturay o prinsipalya. Sa kabilang banda, parusang pagkaalipin naman ang hinahatol sa nakasira ng tabo't walang maipambayad dito, gayundin ang pagdaan sa bahay o pinagliguan ng asawa ng isang baknang. Nakatatanggap din ng matitinding parusa ang mga nagsasalita laban babaknang, matatanda, at kababaihan, at pakikiapid (adultery).⁵⁰

Sa kaso ng mga asasinasyon at pinsala (assassination and injuries), hindi napipigilan ang madugong tunggalian sa pagitan ng mga panig. Karaniwang namamagitan ang mga agturay at amaen ti ili upang puwersahin ang pumaslang at agresor na magbayad-pinsala. Matinding kaparusahan ng pagkaalipin o kamatayan ang mumunting pagnanakaw o pangungulimat. Kapag hindi matagpuan ang nagnakaw, utusan ang mga suspek na bitbitin ang bagay na ninakaw na nakabalot sa mantel, dahon, o iba pang materyal. Ipapangakong kung maibalik ang ninakaw, patatawarin ang nagkasala. Kapag pilit ang pagtanggap, sasailalim sila sa iba't ibang pagsubok at mapipilitang magbayad ang nagnakaw dahil sa ginawang krimen.⁵¹ Pagdating sa praktika ng pangangalakal, masasaksihan ang pagpapautang at labis na pagpataw ng tubo. Dahilan na batang - bata pa ang lipunan, pagpapalitan ang naging paraan ng transaksyon. Maaaring mag-may-ari ng lupa, bahay, at ilang mga kasangkapan ang isang alipin. Wala silang konsepto ng barya, ngunit gumamit sila ng pulbong - gintong tinitimbang gamit ang "pagtimbangang." Iba't ibang panukat ang ginagamit sa pagtimbang tulad ng "sinantan" para sa mabibigat, habang "katis" naman sa pinakamagaang. Upang masukat ang maiikli, gumagamit ng "dangan" (lawak ng kamay), "dakulap" (dulo ng hinlalaki hanggang dulo ng hintuturo), ang "ramay" (lapad ng daliri), at "saka" (isang talampakan).⁵²

⁴⁹ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 67-68.

⁵⁰ *Ibid.*, 69-70.

⁵¹ *Ibid.*, 71-72.

⁵² *Ibid.*, 73-75.

Sa paraan ng pananamit, ang kalalakihan, binubunot ang mga buhok sa balbas gamit ang mga clamshell; nagsusuot ng mahahaba, ngunit makikitid na telang tinawag na “banga,” binabalot ito sa ulo (minsang inilalagay sa balikat na simbolo ng katapangan; walang collar na jacket na hanggang baywang na yari sa tela, makukulay na karaniwang may gintong stripe para sa pantalon na tinawag na “bahaques;” gumagamit din ng gintong tanikala bilang kwintas at singsing; at pulseras na gawa sa ivory at gintong tinawag na “kalombigas.” Ang kababaihan, may pagkukulay o gintong dekorasyon ang mga ngipin; nakapusod ang buhok sa korona; gumagamit ng bestidang tinawag na “salupingping;” at gumagamit din ng mga alahas sa tainga, pulso, mga daliri, at leeg na yari sa ginto at mamahaling bato.⁵³ Sa pagluluto, kadalasang nakasalampak sa sahog gamit ang plato; minsang kinasangkapan din ang mababang mesang tinawag na “dulang” na walang telang pangmesa. May mga plato silang gawa sa kahoy na tinukoy na “duyug,” “latok,” “buyubuy,” o “ungot.” May di-kilalang akdang nabanggit si de los Reyes na nagsabing nakagagana ring kumain para sa mga indiyo ang pagsasaing sa piraso ng kawayan at inilalagay sa dahon ng saging. Noong dumaong ang mga Espanyol, nadatnan nila ang mayayamang may mga plato, seramika, at iba pang porselanang kagamitan.⁵⁴

Sa pagkamatay, ilan sa mga kasalukuyang ginagawa ng Ilokano ang mga sumusunod: paghugas ng storax at bingui sa bangkay, kinukumutan at binibihisan ng pinakamagagarang damit kaakibat ng pinakamagagandang alahas, paglagay ng gintong chips sa bibig at eye cavities upang mapabagal ang dekomposisyon, at pagpahid ng katas ng dahon ng betel sa bibig at sa buong katawan. Hindi muna gagalawin ang bangkay tatlo hanggang apat na araw habang nagsisidating ang mga pagkain at wine. Bukod sa pagkakaroon ng mga propesyonal na nagdadalamhati, paghagulgol habang malakas na inaawit ang kuwento ng yumao, mga huling habilin, at eulohiya. Sa nakaselyadong kabaong, kasama sa ililibing ang mga probisyong nasa plato, mga alipin, pinakamagandang damit, at mga bagay na sa tinging kakailanganin sa

⁵³ Ibid., 114-117.

⁵⁴ Ibid., 117.

susunod na mundo tulad ng armas. Iba't iba ang ritwal ng paglilibing ng bawat antas o katayuan sa sinaunang lipunan.⁵⁵

Sa kabahayan, “balay” ang karaniwang tirahang yari sa magagaang na materyal tulad ng kawayan, kahoy, nipa, at kogon. Iniaaangat ang mga ito gamit ang bigang gawa sa kahoy o “adigui.” May iba ring estrukturang ginagamit bilang manukan o kuwadra. Malalaki at may magagandang muwebles ang bahay ng mga prinsipalya. May maliliit ding kubo sa mga puno, ginagamit bilang mga tore o pambantay sakaling may mga biglaang pag-atake ng mga kalaban. Sa paglalayag, may malalaking bangka tulad ng “barangay,” “biray,” at “kara-oas.” Kawangis ang mga hugis ng mga bangka sa kasalukuyan. Ang pagkakaiba lamang, nakalagay sa itaas ng mga tagasagwan ang tulay o daanan para sa mga mandirigma. Para makatawid sa mga ilog, mayroon silang “rakit” (rafts) o mga itinaling tungkod. Karanasan at sentido komon ang pinanghawakan nila sa paglalayag, hindi sila masyadong lumalayo lalo na kapag malayo mula sa baybayin kung saan sila ipinanganak.⁵⁶ Sa musika, mabibingi ang lahat dahil sa “gansa” na tinutugtog pa rin ng mga taga-Abra hanggang ngayon tuwing pista. Karaniwang tutugtog ang mga lalaki ng instrumentong parang biyolin na may metalikong kurdon at ng “kotibeng” na may apat naming kurdon. May mga metal na tamburin at instrumentong parang flute na tinawag na “subin.” Sa mga nagamit na armas, mayroon silang mga sibat, pana at palaso, bolo, at malalaking kalasag, kinasangkapan din nila ang blowpipe para sa mga nilasong suligi (darts). Hindi naging tiyak si de los Reyes kung gumamit ng kanyon ang mga Ilokano noon, ngunit siguradong kinasangkapang armas ito ng mga taga-Maynila.⁵⁷

Sa panliligaw, kadalasan ang pag-inom at pag-awit ng mga kanta ng mangingibig; sa pagpapakasal, nakaugalian ang monogamy, paghihintay sa pagbibinata o pagdadalaga bago magpakasal, pagmulta sakaling naising makipaghiwalay; pag-aalay ng regalo (o sab-ong) ng kalalakihan, at ang pagkakaroon ng pista; sa panganganak, hindi uso ang komadrona at pinaiinom lamang ng baging para mawala ang pananakit; sa pagluluksa, isasama sa paglibing ang mga alahas o salapi, siyam na araw na uupo sa tabi ng bangkay ang naiwang asawa; at pinagbabawal na

⁵⁵ de los Reyes, *El Tinguian*, 58-64.

⁵⁶ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 125.

⁵⁷ *Ibid.*, 82.

lumapit o sumakay sa anomang hayop (maaari lamang kainin ang karne nito). Ilan sa mga negatibong katangian ang kakulangan ng ambisyon, kamangmangan, kawalan ng pangangailangan at pagpapahalaga. Maaaring positibong katangian ang pagkamit ng salapi mula sa pamana (o inheritance), kaya natatakot makipagsapalaran sa salapi gawa ng payak lamang ang pamumuhay at pangangailangan.⁵⁸ Hindi naging tiyak si de los Reyes sa wikang kinasangkapan ng mga Tinguian dahil sa napakaraming diyelekto ng bawat kinapopookan.⁵⁹ Gayunman, natukoy na may sariling musika ang mga Tinguian na maaring minsang malamig o masakit sa tenga, parang wala sa tono o monotono ring parang musikang Tsino. Gansa, tambul, totali, at organillo ang mga musikal nilang instrumento, habang may tinawag na “tadec” at kawangis ng dongdongiasan ng mga Igorot para sa mga uri ng sayaw.⁶⁰

Bilang napakaraming mga wika at diyalekto sa bansa, winika ni de los Reyes na maaaring may katumbas din ang mga panlipunang uri sa sinaunang Ilocos: ang mga “agturay” (o mga pinuno) at “babaknang (o mga prinsipalya);” ang mga indibidwal sa kanayunan; ang mga “tagabu” (o mga alipin); at ang mga “kailian” (o malalaya). Una, ang mga “agturay” ang pinuno ng mga kinapopookan. Tinawag din silang “ari,” na minsan ding tumukoy sa Hari ng Espanya. Pinamahalaan ng agturay ang pamumuhay, mga anak, at pag-aari ng mga nasasakupan. Pinangasiwaan ang katarungan habang komunsulta sa pinakanirerespetong matatanda na tinawag na “amaen o panglakayen ti ili.” Sila ang nangalaga sa mga hangarin at pangangailangan ng mga “ili” (o nayon) at pinasabak sila sa digmaan. Ikalawa, natatangi ang mga “babaknang” dahil sa kanilang kayamanan, kalakasan, at katalinuhan. Hindi sila kailanmang naging alipin at tinamasa ang maraming pribilehiyo. Tinukoy namang “ulo ti purok” (tumbas sa “Gat” ng mga Tagalog) ang mga pinuno ng nayong kadikit sa kabisera ng kalapit na bayan. Ikatlo, itinuring na mga alipin ang mga “tagabu” o “adipen.” Partikular na tinukoy na “ubing” ang mga sinaunang tagapaglingkod ng Ilocos. Literal na mas mababa ang tagabu kumpara sa mga ubing, maaaring itapon at patayin kung kailan naisin ang mga tagabu. Ikaapat, tinukoy ang mga gitnang-uring hindi alipin o

⁵⁸ Ibid., 85.

⁵⁹ Ibid., 58-61.

⁶⁰ de los Reyes, *El Tinguian*, 58-64.

maharlika, sila ang mga “kailian” (na minsang nangahulugang “kapitbahay” o “kabayan” sa wikang Iloko). Tinutulungan nila ang mga agturay na maglayag, magsaka, maghanda sa mga selebrasyon, at magbibigay pa ng “basi” o “arak” (o alak). Bilang kapalit, binibigyan sila ng mumunting regalo ng mga agturay.⁶¹

Mayaman din sa mga paniniwala sa mitolohiya ang sinaunang lipunan. Ayon sa embahador ng Pilipinas sa China noong 1580 na si Fr. Juan Gonzalez de Mendoza, may katotohanan ang mga kuwentong Ilokano tungkol kay “Kaibaan” o “Kibaan” na nagbibigay ng isang garapong puno ng ginto sa kanyang mga paborito o kaibigan. Para sa mga mamamayan ng bayan ng Ilocos, isang baboy o puting tandang ang kinatawan ng kidlat, isang bahaghari ang kinatawan ng ibong “Bul-lalayao.” Sa kabuoan, ang bahaghari ang pinaniwalaang katas-taasang diyos ng mga Ilokano at ng mga Filipino sa pangkalahatan.⁶² Bukod dito, may iba pang mas mabababang diyos ang mga Filipino na tinatawag na mga “anito.” Para sa mga Ilokano “ladaoan” ang termino—malalaki ang ulo at malawak ang pagbuka ng mga bibig kaya nakikita ang apat na malalaki ring ngipin. Nakatapal ang buong katawan sakop ang mga braso, mga binti, mga daliri, at mga paa.⁶³ Katulad ng isinalaysay ng mga kronista sa mga sinaunang Ilokano, mayroon silang kultong ibinuo para sa mga anito. Ang mga “mangmangkik” ay walang iba kundi ang mga primitibong anito kung saan nagtatanong at humihingi ng pahintulot upang makapasok sa kagubatan at kabundukan para makaputol ng mga puno. Ang “katatao-an” o “sangkabagui”, ang anito ng espasyo at inspirasyon para sa mga tagapagpagaling; ang “kaibaan” o “kibaan,” ang anito ng mga underbush; ang “litao” ang tradisyonal na anito ng katubigan; ang “al-alia,” ang kaluluwang nilikhang banal o nagbalik-loob bilang anito; at ang “pugot” na nananahan sa kabahayang anito; at ang mga “sairos” o diyablong sinasamba dahil sa takot.⁶⁴

Pinatunayan ni de los Reyes ang pag-iral ng sinaunang sibilisasyon gayong nakatuon ang kabuoang akda sa pagtuklas ng tunay na katauhan ni Lacandola. Nagbukas ang dahon ng kasaysayan sa pagpapadala ni

⁶¹ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 53-60.

⁶² *Ibid.*, 82.

⁶³ *Ibid.*, 85.

⁶⁴ *Ibid.*, 87-95.

Legazpi sa dalawang Espanyol na manlalakbay na sina Goiti at Salcedo para siyasin ang isla ng Luzon. Sa pagdaong sa Maynila, sinalubong sila ng kinilalang Hari ng Tondo na si Raha Matanda at ang pamangking si Raha Soliman. “Karamihan sa atin ngayon ay maaari na lamang mabakas ang ating mga ninuno hanggang sa taong 1849. Ngunit may ibang pamilyang maaaring matunghayan ang pinagmulan hanggang sa panahong bago pa dumating ang mga Espanyol. Kabilang dito ang pamilya nina Raha Matanda, Lacandola, Katunao, at Tupas. Kadalasang nababanggit ng mga prayleng kronista ang mga naturang raha at ang kanilang mga kamag-anak kahit na sa simula pa lamang ng eksplorasyong Espanyol, bagay na nagpakita na napakaraming pook sa Pilipinas ang may nananaig nang sistemang pang-estado bago pa dumating ang mga mananakop. Maraming lugar ang pinamunuan ng mga lokal na hepeng masasaksihan ang awtoridad at kapangyarihan mula sa mga katawagan “raha,” “lakan,” o “gat.”⁶⁵

Sa kabilang dako, malikhaing inilatag ni de los Reyes sa pamamagitan ng pag-uusap nina “I” at Gatmaitan upang mapatotohanan ang pag-iral ng sinaunang sibilisasyong Pilipino. Sa pamamagitan ng akdang pampanitikan ito, banayad na ipinabatid ang probabilidad na isinakatawan ni “I” ang lohikal, radikal, hindi malay, at hindi kumbinsidong kaisipan ng karamihan kapag binigyan ng pagkakataong lumublob sa mundo ng folklore. Habang inilangkap naman sa katauhan ni Gatmaitan ang samu’t saring pananampalataya ng mga katutubo sa mga superstisyon at ang malalim na pinaghanguan ng mga kuwentong iniluwal ng bayan. Ipinakita ang medyebal na pananaghoy ng mga prayle sa paganismo, animismo, superstisyon ng mga katutubo. Sa palitan ng salaysay ng dalawa, natunghayan kung paano inilangkap ng mga Espanyol ang mga pantasyang Katolisismo tulad ng demonyo, diyablo, duwende, sirena, kapre, at iba pa, samakatuwid ang kaalinsabay ng pagdating ng mga Espanyol ang paniniwala kay Satanas.⁶⁶

Ipinagtibay ni de los Reyes sa pamamagitan ng diplomatikong Espanyol na si Sinibaldo de Mas (1809 - 1868), sa obrang “*Report on the Philippine Islands (1843)*” na may limang uri ng alpabetong ginamit ang mga Pilipino noong dumating ang mga Espanyol, espesipiko ang mga

⁶⁵ Dery, *Sina Raha Katunao, Lakandula, Tupas, at Matanda*, 615-616.

⁶⁶ de los Reyes, *El Diablo en Filipinas*, 9.

Ilokano. Isinaad ng lingguwistang Olandes na si Karel Frederik Holle (1828-1896), sa obrang “Table of Old and New Indian Alphabets” (1877) na may labinlimang Ilokanong alfabeto. Ipinresenta ng oryentalistang taga-Belgium na si Eugène Vincent Stanislas Jacquet (1811-1838), sa obrang “Comments on the Philippine Alphabets” ang alpabetong Ilokanong nakita niya mula sa National Library sa Paris na halos kahawig ng inihain Sinibaldo de Mas. Lumabas mula kay Fr. Andres Carro sa obrang “*A Vocabulary of the Ilocano Language*,” (1849)” na sumibol ang mga letrang Latin na bunga ng pagdikta ng mga palimbagan dahil sa puwersa ng praktika noon. Sa paglarawan ng Augustinyanong paring si Fr. Francisco Lopez sa obrang “*Belarmino*,” may labing-anim na letrang walang “V,” hindi letra ang ika-labing-anim, bagkus tandang pananong at pandang padamdang ang bumuo sa Ilokanong alpabeto.⁶⁷ Si Fr. Francisco Colin, isang paring Hesuwitang Espanyol, ipinakita ang mga hugis at numero ng mga Muslim, Malay, at Arabong inspirasyon ng paraan ng pagsulat ng mga Ilokano. Batay kay De Mas, naniwala sa kaisipang nagsulat ang mga Pilipino mula kaliwa pakanan ayon sa isang dokumentong nahango sa Bulacan. Si Trinidad Pardo de Tavera, hindi naniniwalang makikibagay ang mga sinaunang Pilipino para lamang magaya ang paraan ng pagsulat ng mga Espanyol. Inihain naman ni de Tavera ang tatlo hanggang apat na pulgadang dokumentong may mga titik ng mga Tagbanua ng Paragua [sinaunang tawag sa Palawan], isang paraan at sistema ng pagsulat na may pagkakahawig sa mga Ilokano at Tagalog.

Magbubunyi ang mga feminista sa pagbibigay-puwang ni de los Reyes maging sa “Filipinong babae,” kung saan tiningnan siya bilang may mas superyor na moralidad, mas matalino, at mas makasining kumpara sa Filipinong lalaki.⁶⁸ Aniya, “*woman’s influence on man dates from primitive times... it is fiction not fact that...Iday, Sinang, Titay, and Daya have ruled and governed the people of Luzon according to their femine feelings*”.⁶⁹ Isinalaysay ni de los Reyes na hindi lamang nagkaroon ng pribilehiyo ang sinaunang kababaihan sa mataas na simboliko at relihiyosong katayuan (patunay ang paniniwala sa mga diyosa at

⁶⁷ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 23-24.

⁶⁸ Mojares, *Brains of the Nation in “Deploying Local Knowledge,”* 309.

⁶⁹ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 295.

babaylan): *“As always happens with other young and nascent nations, the Philippines was dominated by animism or Malay fetishism. Naturally the priests exerted their influence over the people and toyed with them through their oracles. Well, the majority of these ministers were women.”*⁷⁰ Gayundin, *“priestesses also intervened in wedding ceremonies and in the purification of those who had been imprisoned... they were also healers. Another proof that the Filipino woman has always exerted some influence on the Filipino man is the fact that goddesses such as Bagan, Buhas, Dalingay ...and others, figure in ancient Philippine mythology.”*⁷¹ Lubos na naging mapagbigay sa kababaihan ang mga kaugalian at batas gaya ng pagpapakasal at pagtatratatabaho. Patunay ang kaugaliang magbigay ang lalaki ng mga regalo. Malinaw rin ang iba pang praktika katulad ng halagang laging ibinibigay ng lalaki sa mga magulang ng babae bago ang kasal alinsunod sa katayuan ng pinanghimasukang pamilya. Habang nanaig ang restriksyon sa edukasyon para sa kababaihan (naging sarado lamang para sa “praktikal na sining”) noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol, hindi tuluyang nawalan ng imik ang kababaihan kung saan naging patunay ang pagtatatag ng mga samahan at pagiging miyembro ng layko. Dulot ng mga superyor na katangian ng kababaihan.⁷²

4.3. PRE-HISPANIKO AT DI-HISPANONG FILIPINONG RELIHIYON

Napabulaanan ng malawak na folklorikong materyal ni de los Reyes ang maling palagay ng mga kolonyalistang Espanyol na hindi umiral ang pre-hispanikong sibilisasyong Pilipino. Mula rito, natunghayan ang pagbuo ng hanay ng mga materyal ukol sa relihiyong Ilokano, mitolohiya, sikolohiya, mga uri, kaugalian, tradisyon, mga piling tula ng inang makatang si Leon Florentino, at ang mga aspektong pundasyon ng administratibong folklore bunga ng sinaunang kaalamang Filipino. “Sanhi ng kakapusan sa siyentipikong kaalaman noong sinaunang panahon, karaniwang dumulog ang mga indibidwal sa mga paniniwalang tumugma sa kanilang karimlan. Naghain ng mga kasagutan ang matatanda sa mga siyentipikong suliranin

⁷⁰ Ibid., 295.

⁷¹ Ibid., 297.

⁷² Mojares, *Brains of the Nation in “Deploying Local Knowledge,”* 309.

sa pamamagitan ng mga superfisyal na opinyong kadalasang napagtatawanan”.⁷³ Gayunman, may ilang may-akdang napagtibay na itinuring na produkto ng agham ang folklore dahil isa itong “sangay ng antropolohiyang tumukoy sa primitibong indibidwal at kabilang sa sangay ng agham ang larangang antropolohiya.” At kung itinuring mang “walang kultura” ang mga sinaunang Pilipino, napatunayan pa rin ni E. Sidney Hartland sa paglalarawan ng folklore na “ang antropolohiya ay pag-aaral ng sikolohikal na phenomena maging ng indibidwal na walang kultura”.⁷⁴

Tinalakay ni de los Reyes ang mga materyal ng folklore hinggil sa relihiyon, mitolohiya, at sikolohiya. Aniya, may mga misteryosong nilalang na kaloob ng kalikasan tulad ng “mangmangkik” o anito ng kagubatan; “katatao-an” o “sangkabagi” na nangunguha ng bangkay; “kaibaan” o “kibaan” na may mga paang nakabaliktad; “lita” na anito ng dagat, “pugot” na maaaring anyong aso o pusa; di-nakikitang ibon na “kumao;” ang daga na anito ng ngipin; ang kuwagong “salaksak” at ang itim na paruparong tanda ng kamatayan. May mga praktika at paniniwalang gaya ng pagsamba sa mga bato, puno, araw, buwan, at mga planeta (o “Apo”); ang “panangyatang” o pag-aalay sa buwaya ng unang huli sa pangingsda; ang kometa bilang negatibong senyales; ang bulalakaw na may kaugnayan sa mga nag-iibigan; ang babaeng anito o diyosang si “Aran” (ang Eba ng Ilocos) na asawa ni Angngalo (ang Adan ng Ilocos); ang “karkarma” o aninong maaaring mawala sa kagubatan o mga hardin; ang “a-alia,” “araria,” o “anioa-as” o kaluluwang makikita kapag pinigaan ang mga mata ng katas ng mata ng aso; ang “ginginammul” at “babato” o mga milagrosong bato; ang “tagiroot” o gayuma; at ang “maibangbangon,” “mango-odon,” “mannuma,” o mga albularyo at manghuhula.⁷⁵

Sa kosmogoniya, pinaniwalaang nabuhay ang nilalang bago ang paglikha ng langit, mundo, at alapaap. Ang higanteng si Angngalo ang itinurong puno’t dulo ng lahat ng likas-yaman. Sa meteorolohikal na pabula, nanalig ang mga Ilokano sa ilang superstisyon tuwing may kulog o kidlat. Sa zoolohikal na paniniwala, bahagi ng superstisyon ang may kinalaman sa aso, kalabaw, baboy, pusa, usa, butiki, daga, ipis, palaka,

⁷³ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 5.

⁷⁴ *Ibid.*, 21.

⁷⁵ *Ibid.*, 31-81.

tandang, kuwago, paruparo, at kuliglig.⁷⁶ Bahagi ng iba pang superstisyon ang mga bagay na hindi nararapat gawin upang malayo sa sakit, pagkamatay, paghihirap, kamalasan, diyablo, at ibang masasamang espiritu.⁷⁷ Sa folklorikong krimen, ibinida ang bentahe, disbentahe, at iba't ibang uri ng anting-anting. Nagsisilbing pangkalahatang panligtas ang agimat sa anomang sakuna at nagbibigay ng di-pangkaraniwang kapangyarihan kaya kadalasang ginagamit ng mga kriminal.⁷⁸ Sa folklore tungkol sa karagatan, itinanghal ang mga bugtong, superstisyon, at alamat hinggil sa dagat, alon, hangin, at bahaghari.

Sa popular na kalendaryo at ang mga pista ng Kristiyano, makikita sa unang bahagi ang mga mitong batayan ng mga primitibo at prehistorikong relihiyon ng mga Ilokano at sa ikalawang bahagi naman ang mga praktika sa pang-araw-araw at pista ng mga Kristiyano. Sa bagong taon o tuwing pista ng tatlong hari, nagsusuot ng bagong damit ang mga Ilokano dahil isa itong masayang araw. May mahahabang selebrasyon ang pista ng Vigan o araw ng pagbabalik-loob ni San Pablo. Sa Candlemas, binabasbasan ang mga kandilang sinisindihan tuwing may bagyo o may naghihingalo. Tuwing kuwaresma, ipinapahid sa noo ang abo na anyong krus sa mga anak ng opisyal ng gobyerno at ipinagbabawal ang karne. Ang “toktok,” karaniwang nilalaro sa mga palengke at matatalo ang sinomang mababasag ang itlog.⁷⁹ Gayundin, pinapahalagahan ang Araw ng mga Kaluluwa, pista ng mga bulaklak tuwing Mayo, pista ng Katawan ni Kristo (o Corpus Christi) at ng iba't ibang santo, pista ng La Naval, pista ng Imakulada Konsepsiyon, at ang Araw ng Pasko. Pinagtuunan ni de los Reyes maging ang tradisyonal na selebrasyon upang kilalanin ang mga probinsyal na awtoridad at alkalde ng mga bayan. Bahagi ng kabanata ang detalyadong pagtanghal sa kung paano isinagawa ng manliligaw sa babae ang mga pagbati sa liham; mga uri at instrumentong ginagamit sa musika, awit, at sayaw; panghaharana ng isang biyudo noong gabing bago maikasal muli, mga pahayag na

⁷⁶ Ibid., 83-101.

⁷⁷ Ibid., 103-113.

⁷⁸ Ibid., 115-117.

⁷⁹ Ibid., 158-165.

nagbibigay-papuri (o compliments); at samu't saring anyo ng bahay, muwebles, at kagamitan.⁸⁰

Sa kaso ng paghihiwalay, may sistema pagpapawalang-bisa ng kasal sa simpleng panunuhol sa asawang ayaw makipaghiwalay. Maiiwan sa inosenteng kabiyak ang sab-ong kung walang anak, habang maiiwang kanila ang sab-ong kung may anak. Pantay na hahatiin ang anomang ari-ariang nakuha bilang mag-asawa, kadalasang inililihim kung walang muwang ang kabiyak sa mga pag-aari ng asawa. Kung natapos ang matrimony dahil sa kamatayan ng asawa, ipamamana sa mga anak ang sab-ong. Kung wala namang anak, ibibigay ang mga regalo sa ama ng babae kung ang babaeng asawa ang namatay. Kung lalaki ang yumao, sa babae pa rin mapupunta ang sab-ong. Kung lasing namang nangako sa pagpapakasal at kalaunang magbago ng isip, kinakailangan niyang magmulta. Maaaring magpakasal gayong kabilang sa ibang panlipunang uri, gayunman, sinisikap na makapagpakasal sa parehong pamilya at kauri. Hindi maaaring makipag-isang-dibdib sa unang digri na kamag-anak. Mamamana ng mga anak ang anomang panlipunang uri ng mga magulang.⁸¹ Kung magkaiba ang estado ng mga magulang, maaaring mamana ang estado ng ama. Kung dating alipin ng asawang lalaki ang kabiyak, bahala itong magdesisyon kung idedeklara niyang alipin o malaya ang mga anak. Kung walang mga anak, karaniwang hindi idinedeklarang malaya ang asawang babae. Kung idineklarang malaya ang mga anak ng mahadlika o babakang, maaari lamang silang ikonsidera bilang malaya o timmaoa. Kapag hindi puro ang dugo ng mga anak, hindi nila matatamasa ang pribilehiyo at prestihiyo ng babaknang na magulang. Kung nagkarelasyon ang baknang o ang kailian sa isang aliping hindi kanya, kailangan niyang magbayad sa amo nito. Magiging kalahating malaya at kalahating alipin ang anak kung pananagutan ng ama; kundi, ituturing itong ganap na aliping pagmamay-ari ng amo ng kanyang ina. Kung baknang ang biktima ng panggagahasa, malaka ang ipapataw na damages at maisasaayos lamang sa pamamagitan ng madugong digmaan kung hindi mamamagitan ang matatandang tagapayo.⁸²

⁸⁰ Ibid., 191-281

⁸¹ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 61-65.

⁸² Ibid., 66-67.

Sa pagbibinyag, ang ina ang nararapat na magpangalan sa kanyang anak, kadalasang may kinalaman sa pangyayaring naganap nang maipanganak ito gaya ng “maulap,” “maulan,” “malakas,” at iba pa. Wala itong apelyido hanggang sa magkaroon ng sariling anak, sa ganitong kaso, tatawaging “ama ng malakas” ang ama ng ipinanganak na si malakas. Kapag walang anak ang miyembro ng prinsipalya, magpupulong ang mga kamag-anak at kaibigan upang palitan ang kanyang pangalan. Minsan pinangangalanan ang sanggol batay sa katangian gaya ng “iyakin.” Upang makasigurong naaangkop ang pangalan sa kasarian ng sanggol, maaaring pangalanan ang lalaki ng “araw,” “buan,” at iba pa. Isinapraktika ang isang uri ng pagbibinyag na tinawag na “buniag ti sirok ti latok.” Para sa mga miyembro ng prinsipalya, minsan nilalagyan ng mga pamagat sa unahan ng pangalan, “Apo” o “Among” sa kalalakihan at “Ulang” sa kababaihan.⁸³

Sa pagpapakasal, nabanggit na kaugaliang magbigay ang lalaki ng mga regalo o sab-ong. Malinaw rin ang iba pang praktikang sinusunod maging sa kasalukuyan: ang “bigaycaya” (o dowry)—halagang laging ibinibigay ng lalaki sa mga magulang ng babae bago ang kasal alinsunod sa katayuan ng pinanghimasakang pamilya; ang “pasonor,” mga bagay na ibinibigay ng mga magulang ng babae sa magkatipan kapag nais ng mas malaking bigaycaya tulad ng mga alipin, gintong alahas, o bukirin; ang “pangimuyat,” ang halagang ibinibigay sa nanay ng babae para sa mga gabing walang-tulog para sa pagpapalaki at pangangaral sa anak; ang “pamiting,” ang panahon ng pagbibigay ng bigaycaya tulad ng ipinangako; ang “palapala,” tatlong araw na pagpupulong at selebrasyon ng mga kamag-anak at ng mga magulang ng babae bago ang kasal ang “baglan” (paring babae), sasayaw, maglalakbay-diwa, titili, at sasaksakin ang alay na baboy sa gabi ng palapala habang nakaupo sa mga dulang o mababang mesa ang mga panauhin; ang “palalian,” ang donasyon ng mga kaibigan at kamag-anak ng magkabiyak para sa mga nagastos sa kasal, hahatiin ito sa pagitan ng bagong kasal at ng mga magulang (minsang ibinibigay na nila sa magkabiyak pantulong sa “pamahay” o pagpapaayos ng bahay); habang awtomatikong mapupunta sa babae ang ibinigay na alahas ng pinakamalalapit na kamag-anak. Hindi tiyak kung nakasanayan ng mga

⁸³ Ibid., 118.

Ilokano ngunit malinaw rin ang tradisyon sa mga Tagalog: ang “pasoso,” ang halagang ibinibigay sa “chichiva” (wet nurse) na nag-alaga sa babae; ang “talingbohol,” ang ibinibigay na “arrhae” (jewelry) ng magsing-irog sa isa’t isa. Kapag hindi makapag-ambag ng nararapat na bigaycaya at arrhae ang lalaki, makikitira sa bahay ng babae upang manilbihan ng tatlo hanggang apat na taon. May pagkamalupit ang mga pagsubok, kaya kadalasang mayayaman lamang ang may selebrasyon ng kasal. Pinaniwalaan ni de Mas na nakuha ang mga pagsubok mula sa mga Muslim alinsunod sa Koran.⁸⁴

Upang mapangatwiran ang pamagat na *The Filipino Folklore* sa monograpo, kabilang sa mga sumunod na pahina ang folklore ng Zambales na may diskusyong tungkol sa mga praktika at tradisyon tuwing Araw ng Patay at mga kasalan sa nayon; folklore ng Malabon na nagbahagi ng mga popular na paniniwala, mga bugtong, medisina, pag-iibigan, at pagkamatay. Sanhi ang kasalatan sa mga materyal kaya isinama na rin ang monograpong Malabon na tinalakay ang maikling kaligirang historikal, sistema ng transportasyon, mga nayon at gusali, populasyon at kultura, agrikultura, industriya, pangangalakal at ilan pang karagdagang impormasyon. Sa bahagi ng administratibong folklore, masasaksihan ang dedikasyon sa noong patnugot ng La España Oriental na si Juan Atayde; ang kathang-isip na kuwento hinggil kay Isio (na may pagkakatulad sa buhay ni de los Reyes); ang kopya ng sertipiko ng paggawad ng medalyang pilak para sa akdang ito;⁸⁵ at ang inilaang tula sa asawang si Josefa de Sevilla kung saan inihalintulad ang kababaihan sa mga bulaklak.⁸⁶

4.4. ILANG MGA PAGLILINAW SA KASAYSAYAN

Samu’t saring atake ang natamo ni de los Reyes alinsunod sa katangiang tila pagkakaroon ng “mapagkunwaring” Europeyanong kadalubhasaan kaalinsabay ng pagiging pagkaobhetibo, pagkaeksakto, pagkiling sa katotohanan, at pagmarka sa intelektwal na talambuhay na nakaposisyon sa mataas na edukasyon at kosmopolitanong lokasyon. Naging bukas sa kritisismo si de los Reyes dulot ng walang tawad na pag-angkin ng

⁸⁴ Ibid., 119-121.

⁸⁵ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 419-628.

⁸⁶ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 645-651.

kaalamang Europeyano at walang makapipigil na politikal na paggamit nito.⁸⁷ Hindi man nagkaroon ng edukasyonal na oportunidad tulad ng ilan sa mga kapwa - ilustrado, ngunit kahanga-hanga ang kabatirang paham. Alinsunod dito ang paninindigan na marami sa mga nakatalang bagay sa kasaysayan ng bansa ang nararapat pagtuunan ng atensyon sanhi ng ilang mga pagsasalungatan at pagkakamali, gayundin ang hindi maitatangging suliranin sa pagkakaroon ng mga dayuhang may-akdang itinuring na may awtoridad sa pagtatalang ito.

Nanindigan si de los Reyes sa mga sumusunod na puntos sa akdang “*Los Regulos de Manila*.” Nagsimula ang kalituhan sa pagitan ng mga nasasakupan nina Lacandola, Raha Matanda, at Raha Soliman. Sa palagay ng mga kronista, si Lacandola ang Hari ng Tondo, ang “Matanda” ng Maynila, at nagkataong namuno sa Maynila ang pamangking si Soliman nang yumao ang tiyo. Sa pagdidiin nina Fr. Buzeta at Fr. Bravo sang-ayon sa *Geographic-Historical Dictionary*, si Lacandola ang tinaguriang Hari ng Maynila habang si Soliman ang namuno sa Tondo. Sa pagsandig kay Blumentritt, nasabing nangyari ang pag-atake sa kanyang lungsod kaya imposibleng walang kakampihan si Raha Matanda, na tinukoy ring si Lacandola na nasa Tondo.⁸⁸ Inilatag batay sa mga salaysay na mas nanaig sa katauhan ni Lacandola o Raha Matanda ang pagiging isang rebeldeng naging mas matapat sa Korona ng Espanya—katibayan ang pribilehiyong eksemption sa buwis ng mga kamag-anak ni Lacandola at ang hawak pa nilang iniregalong espada ni Legazpi sa naturang Raha hanggang 1834. Puno’t dulo ng maling impormasyon ang madaliang paglalahat ng mga kronista na kinapos sa primitibong datos.⁸⁹

Natunghayan sa panghuling bahagi ng *The Tinguian* ang ilang paglilinaw na ibinahagi si de los Reyes sa mga kontradiktoryong tala sa kasaysayan. Una, hindi kailanman binanggit sa kasaysayan ng Pilipinas ang pagtungo ni Juan de Salcedo (1549-1576) sa Abra noong bisitahin ang Vigan kung saan unang natagpuang nakatira ang mga Tinguian sa kasalukuyang inookupahan ng mga sibilisadong taga-Abra. Ikalawa, winika sa “History of the Province of the Most Holy Rosary” ni Fr. Salazar na ang mula sa Orden ng mga Tagapangaral na si Fr. Jose Polanco ang

⁸⁷ Mojares, *Brains of the Nation in “Producing Isabelo,”* 345.

⁸⁸ de los Reyes and Blanco, *Los Regulos De Manila*, 99-104.

⁸⁹ *Ibid.*, 111.

unang ministro ng probinsya ng Abra. Bagay na pinabulaanan ng Augustinyanong si Fr. Gaspar de San Agustin at ng Kautusang Augustinyanong naghirang kay Pedro Columbo bilang unang ministro ng probinsya. Dumating lamang sa Abra si Fr. Polanco noong 1679 kaya mas kapani-paniwala ang naging salaysay ni Fr. Salazar kumpara sa naturang kautusan. Ikatlo, kinilala ang Augustinyanong si Fr. Lago bilang santo dahil pinatotohanan lamang sa mga Tinguian ang kabutihang-loob ng Diyos at ipinunto ang ilang kamalian ng mga baglan (o pari) at propetang Tinguian gamit ang mga argumentong suportado ng agham. Ikaapat, hindi lamang maipagmamalaki ang apostolikong sigasig nina Fr. Jacinto Rivera, Fr. Nicolas Fabro, Fr. Manuel Manadariaga, datapwat maging ang pinakamabubuting intensyon ng unang gobernador ng Abra at ng mga Tinguian na si Francisco Carreras, na dating gobernador Esteban de Peñarrubia, at ng tagapanguna sa pagbibinyag ng mga Tinguian na si Jose Diaz - Sala.⁹⁰

Sa parehong materyal, napatotohanan sa historyador at kritikong si Resil B. Mojares na ang *The Tinguian* ay “isang anyo ng kontra-representasyon dahil sinikap na maiwasto kung ano mga maling ulat tungkol sa mga Tinguian. Halimbawa, salungat sa itinanghal ng mga kolonyal na diskurso hinggil sa pagkakaiba ng mga lingguwistikong grupo, iginiit ni de los Reyes ang diskurso ng pagkakatulad at pagkakaisa ng lahing Filipino. Sinuportahan niya ang pananaw na may kakaunting agwat sa mga Tinguian at sa mga komunidad ng mga indiyong nasa baybayin, gayundin ang hindi gaanong nagkakalayo ang pisikal na katangian ng mga Tinguian at ng iba pang katutubong naninirahan sa Pilipinas.” Pinabulaanan din ni de los Reyes sa parehong materyal “ang malawak na paniniwalang nanggaling sa mga Tsino o pamilyang Mongolian ang mga Tinguian. Aniya, mas malapit ang mga Tinguian sa mga katutubong Filipino o indiyo at kabilang sila sa lahing Malay. Dating mga Tinguian ang mga sibilisadong katutubo ng Abra at hindi sila gaanong naiiba mula sa mga kapatagan. Pinasinungalingan din ni de los Reyes na sumamba sa maraming diyos ang mga Tinguian, sa katunayan malinaw sa kanila ang pagiging monoteistiko. “Tinawag ng mga Ilokano at ng mga Tinguian ang Kataas-taasang Nilalang bilang “Anito.” Ang mga

⁹⁰ de los Reyes, *El Tinguian*, 65-70.

Anito ay may mga katangian tulad ng isang diyos: kabutihan, walang hanggang kapangyarihan, katarungan, karunungan, at ang simula at katapusan ng lahat ng nilikha”.⁹¹

Alinsunod dito, ipinaliwanag na sa una pa lamang, maaaring ngang tinawag na “Samtoy” ang kabuoang rehiyong Ilocos o ang isang espesipikong bayan lamang nito. Ang sigurado lamang sa puntong ito, tinawag na “Samtoy” ang diyalektong Iloko noong dumating ang mga Espanyol katulad ng winika ng ibang mga manunulat. May isang bahagi na maaaring ibinigay lamang ito ng mga Espanyol dahil wala naman itong ibig sabihin sa wikang Iloko. Paniwala ng iba, produkto ang termino ng isang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga katutubo ng Ilocos at ng mga Espanyol na napadpad. Maaaring naitanong ng mga dayuhan kung ano nga ba ang kanilang wika, ngunit hindi nila naintindihan ang mismong tanong kaya isinagot na lamang ang “sao mi toy” na nangahulugang “ito ang aming wika.” Subalit para sa iba, may probabilidad na maaaring malapit sa katotohanan na ang “Samtoy” ang dating pangalan ng Ilocos o ng isang mahalagang kinapopookan nila. Maraming mga salitang ginagamit sa Ilocos Norte ang hindi naiintindihan ng mga katutubo ng Ilocos Sur dahil ayon sa mga primitibong Ilokano marami rin sa mga termino ang nabago ng mga Sangley crossbreed ng Vigan.⁹²

Sa pagsangguni sa sinaunang Dominikanong historyador na si Obispo Diego Aduarte, nilinaw ni de los Reyes na gayong may mangilan-ngilang naabutang primitibong indibidwal, natatangi ang mga Ilokano dahil bago pa man dumaong ang mga pari, lingid sa kaalaman ng nakararaming maituturing ng “mabubuting Kristiyano” ang mga Ilokano. Kaugnay ng pakikipaglaban sa piratang Tsinong si Li-mahong, malaking posibilidad din ang pagkakasangkot ng mga Ilokano upang maipaglaban ang Maynila laban sa mga tropang Tsino. Natunghayan nila ang angking husay ng mga Ilokano, kaya sa una pa lamang tinangkilik na ng mga Espanyol ang pagsisilbi ng mga ito. Buhat nito, ipinagtibay rin ni de los Reyes sang-ayon kay Padre San Antonio na isang villa ang mas nauna pang nadiskubre – ang Valladolid sa Vigan. Gayunman, marahil nagkamali ito

⁹¹ Ibid., 11-14.

⁹² de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 36-37.

sapagkat maliwanag na bago pa matuklasan ang Villadolid, natagpuan na ang Villa Fernandina. Posible rin ang winika ni Don Felipe Govantes na minsang tinawag na Valladolid ang Fernandina. Maaaring ibinatay rin ni Govantes ang pahayag niya mula kay Fr. San Agustin na maituturing na isang kamalian sa kasaysayan.⁹³

Naglaan ng espasyo si de los Reyes upang bigyang-pagpupugay ang inang si Leona Florentino sa mayamang hanay ng mga obrang pampanitikan hinggil sa kababaihan. Sa muling pagbuo ng mga tula kaalinsabay ng pagsasalin at mga komento, naghayag ng pagwawasto ang Ilokanong polimata at naniguradong pasasalamat pa ng mga pilolohista dahil napanatili niya ang mga natatanging katangiang estrukturang Ilokano:

I am sure that the philologists would thank me for the foregoing word-for-word translation, and the notes through which I have tried to preserve the peculiarities of Ilocano structure. How different it is from that of the Latin – derived languages! Everyone will upon first reading, see in the foregoing a chain of serious grammatical blunders; please forgive my daring to say that it is rather good. It will be very difficult to get my European readers to agree with me, and I do understand because I cannot expect them to delve deeply into Ilocano Literature.⁹⁴

Hindi ipinagtaka ni de los Reyes ang puntong ito sapagkat iba-iba naman ang panlasa ng bawat indibidwal, lalo na sa pagitan ng Europeyano at Filipino. Gayunman, hindi pa rin napigil ang patriyotismo sa paglalalahad na gayong nag-aral ng literaturang Europeyano simula pa pagkabata ang Ilokanong polimata, nahubog pa rin ng mga paaralang Espanyol ang estetikang panlasa, at mas pinipili ang Europa kumpara sa literatura ng Pilipinas, ikinagagalak niya pa ring makarinig ng katutubong awitin.⁹⁵

⁹³ Ibid., 161.

⁹⁴ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 341.

⁹⁵ Ibid., 341.

4.5. KRITISISMO SA KOLONIALISMO AT KATOLISISMO

Sa pagsampa ng ikalabinsiyam na siglo, isinulong ang pagkakaroon ng gobernadorcillo upang kalaunang palitan ang mga abusadong tagasingil ng tributo o buwis (encomenderos). May mga ipinasa ring royal decree dahil sa mga eskandalong kinasangkutan ng mga Relihiyosong hindi makasundo ang encomenderos. Gayundin, dumating ang mga Augustinyano sa Ilocos para matupad ang ebanghelisasyon sa bansa.⁹⁶ Resulta ng mga pang-aabuso ng mga encomenderos ang pag-aalsa ng mga Ilokano sa Dinglas (Dingras sa kasalukuyan), habang tuluyang nilisan ng mga Franciscano ang mga parokya ng Vigan at Tuley at ipinaubaya sa mga sekular na pari. Patunay ang liham ng Hari ng Espanya na si Felipe II noong 1583 bilang unang Obispo ng Pilipinas: *“we have been informed that this Province the Indio natives are dying because of ill-treatment at the hands of their encomenderos; and that their numbers have declined by as much as one third in some parts because they are forced to pay two thirds than what they should.”*⁹⁷

Alinsunod dito, nakapaloob sa siglo ang paglipat ng tungkulin kina Saavedra at Sarhento Mayor na si Antonio Hurtado (1586-1644). Malinaw sa yugto ang simula ng malawakang ekspedisyong ng mga dayuhang Franciscanong prayle sa Pilipinas, partikular na ang ebanghelisasyon sa Ilocos. Sina Fr. Juan Bautista Pizarro sa Ilocos at Pangasinan, Fr. Estevan Rodriguez de Figueroa sa Jolo at Mindanao, at ang itinuring na Unang Apostol ng Ilocos na si Fr. Juan de Ayora (de los Reyes sa Imson, “Historia de Ilocos” 159-165). Sa pagsampa ng siglo, isinulong ang pagkakaroon ng gobernadorcillo upang kalaunang palitan ang mga abusadong tagasingil ng tributo o buwis (encomenderos). May mga ipinasa ring royal decree dahil sa mga eskandalong kinasangkutan ng mga Relihiyosong hindi kasundo ang encomenderos. Gayundin, dumating ang mga Augustinyano sa Ilocos para matupad ang ebanghelisasyon sa bansa.⁹⁸ Resulta ng mga pang-aabuso ng mga encomenderos ang pag-aalsa ng mga Ilokano sa Dinglas (Dingras sa kasalukuyan), habang tuluyang nilisan ng mga Franciscano ang mga parokya ng Vigan at Tuley at ipinaubaya sa mga sekular na pari. Taong 1591, naging ganap na Bayan

⁹⁶ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 165-174.

⁹⁷ *Ibid.*, 167.

⁹⁸ *Ibid.*, 165-174.

ang Bantay, Bakarra, Kandon, at Sinait. Sumunod na taon ipinanganak ang tanyag na makatang si Pedro Bukaneg (1592-1630)—dinakila sa pagtuturo ng wikang Iloko sa mga Relihiyoso at nangaral kaya maraming pinagbalik-loob sa Kristiyanismo.

Nasaksihan ang iba't ibang kuwento kung saan ipinakita ang pananaig ng gahum ng Espanyol at ng Simbahang Katoliko. Katulad na lamang ng pagsanguni ni Gatmaitan kay Fr. Aduarte, ikinuwento ang kaso ng isang paganong katutubong sinubukang magpabinyag. Nangumpisal na hindi siya pinagalaw ng limang diyablo—dinakma nila ang kanyang ulo, dila, mga kamay, at mga paa. Kinakausap siya ng mga diyablo habang binibinyagan, ngunit nawala ring parang bula matapos ang pagbibinyag. Madaling maintindihan ang nangyari dahil kaaway ng mga kaluluwa ang mga diyablo. Sa isang banda, inilahad naman ang tungkol sa isang lalaking maysakit na pinagagaling sa ospital ng San Gabriel. Nakakita siya ng napakaraming diyablong nagbantang kukunin siya dahil tumangging magpabinyag.⁹⁹ Sa bayan naman ng Cabacungan na malapit sa Pata, may isang tanyag na paring babaeng (sacerdotisa) madalas kausap ng diyablo. Kakila-kilabot ang mga sinasabi niya kaya namuo ang poot ng mga mamamayan sa kanilang pananampalataya. Ipinadala ng mga relihiyoso ang indiyong si Don Francisco Irigan na may dala-dalang mga krus upang labanan ang diyablo at lupigin ang sacerdotisa. Dagdag pa ni Gatmaitan sa mga diyablong may takot sa krus, hindi napalagay ang mga mamamayan ng Antipolo sa isang diyablong hindi natutulog ayon sa sanaysay ng Hesuwitang Padreng Colin. Pinaniwalaan na ang animo ng krus na itinanim ni Padre Diego Sanchez sa bayan ng Santiago ay nakalalason sa hangin, kaya may mga nagkakasakit at namamatay. Kung hindi tinanggal ang krus, mas marami pa ang magaganap na sakuna. Determinado ang diyablong matanggal ang krus kaya kaisa ng diyablo ang mga nais mag-alis nito.¹⁰⁰

Batay kay Fr. Gaspar de San Agustin, may isang dambuhalang puno sa may Dumalag, Panay kung saan pinamugaran ng maliliit na ibong maiingay na humuhuni. Gayong nagagambala sa ingay nito, walang sinoman ang lumalapit o sinubukang putulin ang puno dahil dito nananahan ang mga iginagalang na diwata at diyos ng kagubatan at

⁹⁹ de los Reyes, *El Diablo en Filipinas*, 35.

¹⁰⁰ *Ibid.*, 47-55.

kabundukan. Gayunman, pinuntahan at inukitan ito ng krus ni Fr. Hernando de Morales. Ang mga ibon ay mga diyablo at mga kaluluwa ng mga indiyong bayan na hindi na kailanman bumalik sa naturang puno.¹⁰¹ Isinama ng may-akda ang pagpapakita ng mga diyablo at halos pagkitil sa isang maysakit sa Itabes, Cagayan. Tinanong ng mga diyablo kung bakit sinusubukan pa rin ng maysakit na maging isang mabuting Kristiyano kahit huli na ang lahat. Hindi ipinaalam ng tatlong relihiyosong Dominikano ang kanilang pagdating at naging pagdepensa, batid lamang ng maysakit na sinagip siya ng mga nakaputing roba na may itim na talukbong.¹⁰² Matutunghayan pa sa salaysay ni Fr. Aduarte ang tungkol sa paganong Indiyang biglang nagkasakit na halos ikamatay niya. Noong babasbasan na ni Prayle Gaspar Zarsate upang mabinyagan, biglang nasaksihan ang maladiyablong pagtawa nito. Kinailangan siyang dalhin ng prayle sa simbahan at doon nakipagbuno sa diyablo hanggang hatinggabi—minsang nagpanggap na umiiyak at nagsasalitang parang bata hanggang sa lumisan ang diyablo nang matapos ang pagbibinyag. Hinuha ni “I”, ang pagbibinyag ang pinakamainam na gamot laban sa diyablo.¹⁰³

Sa *The Devil in the Philippines*, binanggit ni Gatmaitan na sa isinulat ni Prayle Francisco de San Antonio, matutunghayan ang karanasan ng Franciscanong Prayle ng Camarines na si Mateo de San Jose at ng kanyang sakristan sa pagtawag ng kampanya noong isang hating gabi. Nasaksihan nila ang dalawang mababalasik na itim na diyablong kinakaladkad ang isang indiyong Tagalog na prinsipal na nakakadena ang leeg. Inamin ng indiyong kay Prayle San Jose na pinagkakitaan niya ang pagpataw ng buwis mula sa isang civet (pinagkukunan ng amoy ng pabango). Agarang ibinigay ng indiyong sa prayle ang hawak na abito (shroud) dahil ito ang nagsilbing depensa laban sa kanyang pagpasok sa impiyern.¹⁰⁴ Batid ng diyablong si Fr. Angelo Hermano ang papalit kay Fr. Sanchez (ang nagtayo ng Krus sa liwasan sa bayan ng Santiago), kaya ginamit ng diyablo ang mga babaylan upang mapaniwala ang mga tao sa

¹⁰¹ Ibid., 55-59.

¹⁰² Ibid., 59 - 63.

¹⁰³ Ibid., 67.

¹⁰⁴ Ibid., 25.

mga panlilinlang tulad ng pagpatay sa susunod na pari at iba pang kasamahan, pagbagsak ng mga kabahayan, mga simbahan, at ang mga itinatag na krus.¹⁰⁵

Kapag kulto rin lamang ng diyablo ang pag-uusapan, binasa rin ni “I” ang tungkol sa isinulat ni Fr. San Agustin noong 1673. Umiinog ito sa isang sektang nagrebelde sa bayan ng Malanor de Alumbrados sa pamumuno isinumpang babaylan na si “Tapar” na may kasuotang pambabae. Kumalat ang kanyang pangungulam at kasunduan sa diyablo sa Probinsya ng Ogtong (kasalukuyang Iloilo). Maraming beses siyang tumakas mula paghahanap ng Ministro ng Katarungan, nagretiro sa pinakaliblib na bahagi ng kabundukan kung saan patuloy na nag-aalay para sa diyablo, nagpakalat ng mga salungat na doktrina ng panlilinlang sa mga kapwa-pesante, nag-angkop ng mga hirarkiya ng Nagtagumpay at Naglalakbay na Simbahan (Triumphant and Militant Church) sa pamamagitan ng pangongopya ng katangian ng Simbahang Katoliko. May pinakamahuhusay itong pangungulam tulad ng ipinagpalagay na pigura ng Walang Hanggang Ama, iba pang Banal na Tao, isang mahalay na Indiya ng Birheng Maria, at iba pa gaya ng Labindalawang Apostoles, Ang Santo Papa, at ang mga Obispo. Malinaw na sa iba’t ibang hugis pinamumunuan ng diyablo ang lahat ng ito. Isinasagawa ang desepsyong ito sa pinakamalalayong bahagi ng kabundukan upang makapag-alay sa diyablo at makakinig sa mga tugon nito.¹⁰⁶ Isang mainam na analohiya ng lahat ng ito ang makikitang motibo sa likod ng mga kamakailang pangyayari sa Samar na naudyok ng isang indiyong itinuring bilang Diyos, ang Ilokanong Diyos na si Luñgao, ang isang babaeng inihayag na siya ang ina ng Diyos.

May mga aswang ba o predatoryong masasamang espiritu sa Pilipinas? Malinaw na Bisaya ang mga naturang ibong lumilipad na parang ibon. Nakita silang lumipad ng isang Simon, na itinaon sa lupa dahil sa mga panalangin ng San Pedro. Ipinagtibay ng Tagapagsiyasat at Hukom ng Lausanne na si Pedro ang alamat na ginamit ng mga aswang ang kanilang bibig upang patayin ang mga sanggol sa sinapupunan ng mga buntis. Inamin ng makasalanang si Staedelin ang pagpatay sa mga

¹⁰⁵ Ibid., 55.

¹⁰⁶ Ibid., 69 - 71.

pitong fetus sa sinapupunan pa lamang. Isang patunay ang mga nangyari noong sumunod na taon. Noong panahong iyon, walang anomang hayop ang isinilang, hanggang sa may isang maliit na butiking naging abo kaya nanumbalik ang fertilidad ng mga residente at ng mga domestikong hayop.¹⁰⁷ Isang katutubo ng Pata ng noong maysakit na si Gregorio Amunting ang nakakita ng tatlong nakasusuklam na diyablo sa gitna ng dagat - dagatang apoy. Isang diyablo ang nagsabing kunin na si Gregorio, ngunit umapila ang isa na hindi maaari lalo pa't nagmamakaawa ito sa pagkahabag ng Diyos. Hindi na nakapagpigil ang isang diyablo't pinatahimik siya nang mahabang panahon. Karaniwan sa mga prinsipales ang paggamit sa mga nakakatakot na diyablo, mahirap magbigay ng mga espesipikong halimbawa sapagkat napakarami karanasan at tagumpay nito. Para kay "I," ganyan kakaraniwan ang bangungot na ito sa bansa.¹⁰⁸ Isa pang interesanteng tala ang pinangunahan ni Prayle Francisco de San Antonio tugkol sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Kapag kailangan ng kaluluwa ng isang uri ng limos, hindi ka patutulugin sa kaingayan gawa ng pagkatok sa mga tabla ng sahig. Napagtanto ni Fr. Plasencia na nanggaling ang ingay sa isang kaluluwa purgatoryong nagsusumamong matulungan.

Naipakita sa paglahad ni de los Reyes na sa pagbabalik nina Goiti at Salcedo upang maibalita kay Legazpi ang biglaang pag-atake ni Raha Soliman, walang pag-aatubiling pumunta si Legazpi ng Cavite. Kinabukasan binisita siya ng kinilalang moro na si "Dumandul" na ikinuwento ang pakikiisa ni Raha Matanda at ang pagbalikwas ng pamangking si Raha Soliman na diumanong kasabwat ng isang Lacandola. Sa pagdating nina Raha Matanda at Lacandola, nagsimula silang makipagpalagayang-loob sa mga Espanyol na maglalalayag. Mula sa pagtatapong ito, naging matalik na kaibigan ni Lacandola ang mga Espanyol hanggang sa nagkaroon ng bahay sina Legazpi, kasama ang mga anak, iba pang kamag-anak, at ilang mga miyembro ng prinsipales. Mula rito, umusbong ang monopolyo ng mga bilihin at nagtayo ng mga daungan para sa mga dayuhan. Kalaunan, isinusuko na ng mga nasasakupan ni Lacandola ang mga buwis sa mga Espanyol na nagbunga

¹⁰⁷ Ibid., 59.

¹⁰⁸ Ibid., 59 - 61.

ng dalawang daan at limampung pabahay sa mga dayuhan at relihiyoso upang maipalaganap ang Ebanghelyo at mamahala sa mga sakramento.¹⁰⁹

Kahit na ipinamalas ni de los Reyes ang iba't ibang superstisyon at paniniwalang Ilokano, Zambales, at Malabon, hindi maipagkakailang ilan sa mga superstisyong ito ang matatagpuan sa Europa at kalaunang nagkaroon ng sariling lokal na bersyon sa Pilipinas. Sa pagtala ng mga materyal na nilikom sa “The Andaluz Folklore” nina D. Alejandro Guichot et al, nakabuo si de los Reyes ng listahan ng superstisyong ipinagpalagay na ipinakilala ng mga Espanyol sa mga nagdaang siglo. Ilan sa mga ito ang mga sumusunod: ipinapasa ng pari ang kanyang mga personal na katangian sa bibinyagang sanggol, habang naniwala naman ang mga Ilokanong bukod sa pari, mas nakakaimpluwensiya rin ang mga ninong at ninang ng sanggol; kapag maysakit at namemeligro ang buhay ng isang bata, kinakailangang basbasan siya ng ninang. Kapag hindi inaasahan ang pagyao, sigurado ang upuan sa langit nasabing ninang; kapag umiiyak ang sanggol sa pagbibinyag, pinaniwalaang malakas ang katauhan nito at kakayanin ang mga pagsubok sa buhay, masasabi rin kung mabubuhay at mamamatay ang bata batay sa kanyang pag-iyak; para sa mga Espanyol at Tagalog, hindi agarang namamatay ang mga pusa dahil mayroon silang pitong buhay, habang siyam naman para sa mga Ilokano.¹¹⁰ Buhat nito, ang mga Espanyol din ang nagdala ng mga konseptong tulad ng duwende, ang popular na kalendaryo, at mga uri ng pista.¹¹¹

4.6. MGA EKLESYASTIKAL NA UGNAYAN

Sinelyuhan ni de los Reyes ang kanyang eklesiolohiya sa yugtong ito sa pamamagitan ng paglalarawan sa naging estratehiya ng mga Espanyol sa pagpapalaganap ng ebanghelisasyon kaakibat ang kritisismo sa masalimuot na kapangyarihang dulot ng Simbahang Katoliko Romano, ng mga prayleng Espanyol, at ng kolonyal na gobyernong Espanyol.

Gayong itinuring na tunay na pabigat ang encomenderos dahil sa pang-aabuso at masamang pakikitungo sa mga katutubo, hindi maikailang maraming bayan ang naitatag sa ilalim ng kanilang

¹⁰⁹ de los Reyes and Blanco, *Los Regulos De Manila*, 94-95.

¹¹⁰ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 131.

¹¹¹ *Ibid.*, 141 - 247.

pamumuno. Ayon kay de los Reyes, maaaring ang tunggalian sa pagitan ng encomenderos at ng mga Relihiyoso ang dahilan kung bakit nagtatagisan at mas umiinam ang serbisyo sa bayan.¹¹² Sa kabilang dako, isang matinding sagupaan ang naganap sa pagitan ng mga tropang ipinadala ng Gobernador ng Pilipinas na si Francisco Tello at ng mga Igorot. Kahit pa isinama ang tagasaling si Esteban Marin na magsisilbing tagapamagitan, pinatay at sinunog ng mga katutubo ang mga tropa hanggang sa maglaho ang mga ito. Sa isang banda, taong 1602 nang naging ganap na bayan ang Sta. Cruz, tinanggap ang parokya ng mga Augustinyano kung saan naging kura paroko si Fr. Bartolome Carriedo. Nilisan ni Obispo Benavides ang diyosesis ng Nueva Segovia (naging kapalit si Fr. Diego de Soria) upang tanggapin ang Arsodiyosesis ng Maynila, subalit kalaunang yumao noong 1605. Kauna-unahang prelado si Fr. Soria na piniling ilagak ang diyosesis sa Vigan kung saan siya nakatira. Taong 1604 pa ng itinuring nang nagsasariling parokya ang Sta. Cruz, Dingras, at Balauang dahil nagkaroon na sila ng kani-kaniyang kura paroko. Samantalang isang milagro naman ang ikinuwento tungkol sa isang kalapating dumapo sa Obispo at preladong kalaunang lumipad sa altar at tiningnan ang mga mananampalataya, nangyari din ang insidente sa Kagayan. Samantala, inilipat ng mga Augustinyano sa mga sekular na pari ang parokyang Narvakan para mapalapit sa mga taga-Kagayan. Ang Dominikanong paring si Fr. Tomas Gutierrez ang ipinalit matapos bayaran ang mga sekular na paring di matutukan ang misyon. Hindi nagpalamang ang mga Augustinyano sa mga Dominikano, ipinadala ang misyonaryong si Fr. Pedro Columbo kung saan nakagawa ng magagandang resulta ng ebanghelisasyon.¹¹³

Noong 1626, itinuring na isa sa pinakamahasag na probinsya ang Ilocos at may pagkasibilisado na ang mga mamamayan, naging batayan ang pagtatatag ng mga kombento sa mga probinsiya: “During this time, the Augustinians already counted twelve convents in the province. The Bantay parish of Father Juan Pareja...continued preaching to the many Tinguian tribes in Abra. Sometimes Fr. Pareja only ate tuberous roots”.¹¹⁴

¹¹² de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 165-174.

¹¹³ *Ibid.*, 183-184.

¹¹⁴ *Ibid.*, 190.

Natunghayan sa tagpong ito na malawak ang maaaring gawin ng isang Relihoso sa isang pook, sapat ang isang marubdob na paglilingkod ng indibidwal na Relihiyoso upang maipagbalik-loob ang mga katutubo at ang mga napaliligiran nito: “the most important of which was Bangued and its environs ; he founded many towns, the most important of which was Bangued which he previously been a parish in name only with the three visitas of Tayum, Sabangan, and Bukao.”¹¹⁵ Sa ganang ito, bininyagan ni Fr. Pareja ang mahigit-kumulang tatlong libong katutubo kabilang ang miyembro ng prinsipalya na si Miguel Dumauual, lolo ng isang tanyag na Tinguang na Maestre Diego Julian na anak ni Don Doroteo Dumauual na kapitan ng kabisera ng Abra.¹¹⁶

Kaakibat ng pagtatag ng Diyosesis sa Nueva Segovia at pagluklok ng Obispo upang maipagpatuloy ang gahum ng Simbahan sa kabila ng mas mapang-abusong encomenderos. Natapos ang ika-labing-anim na siglo ng sinaunang Ilocos sa pagluklok ng kauna-unahang Obispong si Fr. Miguel de Benavides (1552-1605), isa sa mga unang Dominikanong dumaong sa bansa, tagapagtatag ng Unibersidad ng Sto. Tomas, at misyonaryo ng Tsina.¹¹⁷ Sinundan pa ng mga sumusunod tulad nina Miguel de Benavides, O.P. mula 1595 hanggang 1602; Diego Soria, O.P. mula 1602 hanggang 1613; Miguel García Serrano, O.S.A. mula 1616 hanggang 1618; Juan Rentería mula 1618 hanggang 1626 Hernando Guerrero, O.S.A. mula 1627 hanggang 1634; Diego Aduarte, O.P. mula 1634 hanggang 1636; Fernando Montero Espinosa mula 1639 hanggang 1646 Rodrigo Cárdenas, O.P. mula 1650 hanggang 1661; José Millán de Poblete noong 1675; Francisco Pizaro de Orellana mula 1680 hanggang 1683; Diego de Gorospe y Irala, O.P. mula 1699 hanggang 1715; Pedro Mejorada, O.P. mula 1717 hanggang 1719; Jeronimo Herrera y Lopez mula 1724 hanggang 1742; Manuel del Rio Flores, O.P. mula 1744 hanggang 1745; Juan de Arechederra, O.P. mula 1750 hanggang 1751; Juan de La Fuente Yepes mula 1753 hanggang 1757; Bernardo de Ustariz, O.P. mula 1763 hanggang 1764; Miguel García San Esteban mula 1768 hanggang 1779; Juan García Ruiz, O.A.D. mula

¹¹⁵ Ibid., 190.

¹¹⁶ Ibid., 190.

¹¹⁷ Ibid., 174-181.

1784 hanggang 1796; Agustín Pedro Blaquier, O.S.A. mula 1801 hanggang 1803; at Cayetano Pallás, O.P. mula 1806 hanggang 1814.

5. MGA ARAL AT KABATIRANG MAAARING MATAMO NG PILOSOPIYANG PILIPINO MULA SA MGA OBRA NI DE LOS REYES SA YUGTO NG KANYANG PAGHUHUBOG (1864-1889)

Alinsunod sa pilosopiya ng isang tanyag na Alemang pilosopo na si Martin Heidegger (1889-1976), pangunahin sa kanya ang paggamit ng hermeyutika bilang sentral na tema ng pilosopiya. Sa puntong ito, maaaring gagamitin ang kaisipan ng mga obra at mismong si de los Reyes bilang pasiunang balangkas ng pag-unawa (*forestructures of understanding*) sa hermeyutikong pagbasa para sa larangan Pilosopiyang Pilipino, at ang larangan ng Pilosopiyang Pilipino ang gagamitin naman bilang pasiunang balangkas ng pag-unawa sa mas malalim na hermeyutikong pagbasa sa kaisipan ng mga obra at mismong pagbasa sa katauhan ni de los Reyes. Ang kuwestiyonableng kairalan ng Pilosopiyang Pilipino ay maaaring maiugnay sa kuwestiyonableng kahalagahan ng mga naiambag ni de los Reyes sa kasaysayan ng bansa. Masasabing umuusbong pa lamang ang larangan ng Pilosopiyang Pilipino, kung kaya kinasangkapan ang lawak, lalim, at hugis ng bulto ng mga obra ni de los Reyes upang makahango ng mga aral at kabatirang maaaring magsilbing kontribusyon sa nasabing larangan.

Una, ang natatanging karanasan ni de los Reyes sa malalim na pagbabad sa mundo ng mga katutubong Ilokano ang nagluwal sa ingklusibo ngunit mas pilosopikal na pananaw sa mundo sa paghiraya ng lipunang Pilipino. Ang deskriptibong kultural na mga obra ay pambansang pagsusuri o komentaryong nakabatay sa mga kultural na sitwasyon ng espesipikong lokal o pambansang saklaw. Ilan sa mga akdang sinuri ng proyektong maaaring kinatawan ng deskriptibong kultural na pag-aaral ang “Ilocanadas: varios trabajos literarios de Isabelo de los Reyes y Florentino,” “El Tinguian,” “Juguetes literarios sobre costumbres e historia,” “El Folklore Filipino,” at “Historia de Ilocos” na mula sa kanyang Yugto ng Paghuhubog. Isa pang makabuluhang kinatawan sa temang ito ang “Ang Comediang Tagalog” na mula sa kanyang Yugto ng mga Paglalakbay. Kinakailangang alalahaning ginagamit din ang karamihan sa mga deskriptibong kultural na pagsusuri at komentaryo bilang pansuportang dokumento para sa lumalagong

pagtuon ni de los Reyes sa mga usapin hinggil sa polemikong politika. Ito ang naging dahilan kung bakit isang hamong maalis ang pangalang Isabelo de los Reyes mula sa kawing ng deskriptibong kultural na mga obra matapos ang Yugto ng Paghuhubog sapagkat ito ang pinakapundamental na bulto ng mga lathalain sa mga nais maidulog sa mga kapwa-propagandista at rebolusyonaryong Filipino. Ang historikal/etnograpike na mga obra ay pagsusuri ng mga pangyayari sa nakaraan o kasalukuyang estadong lokal o pambansang saklaw. Kaakibat ito ng malalim na pag-aaral ng isa o higit pang etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas. Ilan sa mga ginalugad ng disertasyon sa ilalim ng temang ito ang “La lealtad de los Ilocanos a España,” “La Expedicion de Li-Mahong contra Filipinas en 1574,” “Los Regulos de Manila,” “Las Islas Visayas en la Epoca de la Conquista,” “Tipos y Cuadros de Manila,” at ang “Los Triunfos del Rosario o Los Holandeses en Filipinas in Diario de Manila” na mula sa kanyang Yugto ng Paghuhubog. Makabuluhang malaman na sa mga usapin ng kasaysayan at kasalukuyang pangyayari, maaaring mag-overlap ang mga tema sa deskriptibong kultural. May tendensiyang kinasangkapan din ni de los Reyes ang mga akdang kabilang dito upang maging historikal na datos para sa lumalagong pagtuon sa polemikong politka.

Ikalawa, hindi maituturing na balakid ang paggamit ng dayuhang wika (tulad ng Ingles) para sa pagpapayaman ng Pilosopiyang Pilipino. Katulad ng naging karanasan ni de los Reyes at ang hamon para sa mga kasalukuyang iskolar tulad ng manunulat, magiging makabuluhan ang pagsasalin sa Wikang Pambansa ng mga simulaing tekstong dayuhan upang maitawid ang esensya ng mga kaisipan nito sa mga Pilipinong bubuo at mag-aambag sa pagpapayaman at intelektwalisasyon ng Pilosopiyang Pilipino. Sa karanasan ni de los Reyes, isa sa pangkalahatang obserbasyon ang paggamit ng Wikang Espanyol dahil hinangad ng Ilokanong polimata na maipakita sa mga konserbatibong Espanyol ang malawakang proyekto hinggil sa Ilocos bilang bahagi ng pagtataguyod sa bansang Pilipinas. Kalimitan sa mga tanyag na artikulo ng yugtong ito ang napabibilang sa aklat na “Artículos varios sobre etnografía: Historia y costumbres de Filipinas” kung saan humango ng mga sanaysay na ilalathala sa iba’t ibang pahayagan sa Pilipinas. Habang bahagi ang malalaking proyekto tulad ng “Historia de Ilocos” at “El Folklore Filipino” sa tunguhing mailatag ang pagkakaroon ng sibilisasyong mayaman sa

kultura at tradisyon bago pa dumuong ang mga maghahari-hariang Espanyol.

Ikatlo, hindi matatangi ang naging impluwensiya ng mga Kanluranin sa Pilosopiyang Pilipino. Sa halip na ubusin ang panahon sa paghahanap ng purong Pilipinong balangkas at teorya, maaaring sumandig sa dayuhang teorya kung sa tingin ng isang iskolar na makatutulong ito sa pagbibigay-solusyon sa mga suliraning bumabagabag sa lipunang Pilipino. Kaugnay ng mga obrang isinagawa ni de los Reyes, hindi maitatangi ang impluwensiya ni Prop. Ferdinand Blumentritt (1853-1913) sa ilang pagbanggit sa mga obra at personal na pagkabilib ng Ilokanong polimata. Si Blumentritt ay isa sa pinakadakila at unang eksperto sa kultura, wika, kasaysayan, at heograpiya ng Pilipinas. Katulad ng kaibigang si de los Reyes, natatabunan din siya ng katanyagan ng itinuring pambansang bayaning si Rizal. Isa sa mga proyekto ni de los Reyes ang mailathala ang Fil-Hispanikong diksyonaryo sa folklore na kalipunan ng mga salitang Filipino na Hispanisado, mga salitang Espanyol na Filipinisado, at iba pang mga salitang Filipinong kinapos ng tumbas sa Espanyol. Aniya, “ibabatay ko ito sa obra ni Prof. Ferdinand Blumentritt na pinamagatang “Vocabulary,” isang mahusay na akdang isinulat sa Aleman na ganap na nagpakita ng malalim na kaalaman niya sa ating bansa at sa pinag-uusapang paksa, sa kabila ng katotohanang hindi siya kailanmang nakatungtong sa Pilipinas.”¹¹⁸ Sa “Los Regulos de Manila,” napakarami ring pagsipi kay Blumentritt at isang malinaw na paghanga ang inihayag na napakaraming obra ng Austriyanong propesor tungkol sa Pilipinas. Katunayan, may naging pagsipi pa sa akda ng Austriyanong propesor na “Sobre el estado de los nativos en los tiempos de la conquista (1885):” “Sa digmaan sa pagitan nina Raha Soliman at ng mga Espanyol, hindi maaaring manatiling walang pinanigan si Raha Matanda dahil nangyari ang pag-atake at pagtupok sa kanyang sariling lungsod. Walang kailang nasa Tondo siya, at siya rin ang tinukoy na Lacandola.”¹¹⁹ Natunghayan din sa “El Tinguian” ang espesyal na espasyo para kay Blumentritt nang maglaan ng dedikasyon si de los Reyes: “*That is why, understanding as I do your passion for letting my countrymen learn about our country, I hasten to send you these badly organized*

¹¹⁸ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 459.

¹¹⁹ de los Reyes and Blanco, *Los Regulos De Manila*, 104.

*notes on the origins and customs of this race that the ethnologists, chroniclers, and other writers call “infidel,” “Ilaya,” “Tingue,” “Tinguian,” “Itaneg,” and that we Ilocanos natives call “Itneg.”*¹²⁰

Ikaapat, maaaring mamataan sa mga obra ni de los Reyes ang kadalasang pagsipi sa mga di kilalang may-akda at pagkakaroon ng hindi malinaw na sanggunian. Ilan sa mga halimbawa ang mga sumusunod: ang paglalahad ng pagsiklab ng cholera sa Ilocos batay sa isang opisyal ngunit di-inilatahalang (at di-pinangalanan) dokumentong diumanong nasa harap lamang niya;¹²¹ gayundin ang parehong estado ng dokumentong natanggap mula sa Vigan kung saan naranasan ang katakot-takot na kagutuman sa Ilocos noong 1804);¹²² pagpapasyang may mga Tinguain sa Silangang bahagi ng Ilocos Norte batay sa kanilang “hitsura;” pagsipi sa kaisipan nina Mr. Esteban Penarubbia, Sir John Lubbock, at Gustavo Ruskoff tungkol sa relihiyon ng mga Tinguian nang walang espesipikong pamagat ng akda;¹²³ at pagpapatotoo sa isang baboy na lumitaw sa isang puno at pagkawala nito nang kumidlat mula sa di-pinangalananang sanggunian ngunit nirerespeto at mapagkakatiwalaan.¹²⁴ Isang kongkretong halimbawa pa ang nagmula sa “El Diablo en Filipinas” kung saan nabanggit ang isang “Mayolo,” na nagbahagi tungkol sa pinaglibingan ng mga monghe. Aniya, nagpapakita ang mga pugot na monghe sa mga monasteryo na indikasyon ng biglaang pagkamatay.¹²⁵ Ang humanistikong panig na ito ni de los Reyes ay maaaring maging hamon maging sa mga pilosopong Pilipino. Lalo pa at karamihan sa mga pangunahing sanggunian ng pilosopiya ang nasa banyagang wika kung saan maaaring makagawa ng mga misinterpretasyon at hindi lubos na pagkaunawa sa mga masisiping (cite) mga Kanluraning iskolar.

Gayunman, hindi pa rin masasabing payak na walang habas na mangongopya lamang ng Kanluraning kaalaman si de los Reyes. Para sa isang nagtrabaho sa loob ng kolonya at hindi nagkaroon ng edukasyonal na oportunidad gaya ng mga kapwa-ilustradong tulad ni Rizal, kahanga-

¹²⁰ de los Reyes, *El Tinguian*, 25.

¹²¹ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 271.

¹²² *Ibid.*, 285.

¹²³ de los Reyes, *El Tinguian*, 37.

¹²⁴ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 91.

¹²⁵ de los Reyes, *El Diablo en Filipinas*, 35.

hanga ang mga hanay ng mga iskolarling kaalaman ni de los Reyes. Hindi naging dayuhan sa kanya ang mga Europeyanong iskolarsyip at sinikap na angkop na maiposisyon ang sarili. Katunayan ang kaalaman sa mga susing tagapag-isip tulad nina David Hume, Ernest Renan, Baruch Spinoza, Charles Darwin, John Lubbock, Edward Taylor, Max Muller, at iba pa. Si de los Reyes ay maituturing na iskolar na hindi lamang nagsalita “sa” publiko, datapwat “nagamula sa” at “para sa” mga mambabasa sa labas. Para sa mga iskolar ng Pilopiyang Pilipino, mainam na magkaroon ng malalim na kaalaman sa mga Kanluraning pilosopikal na kaisipan sapagkat hindi maitatanggi na nanggaling sa Global na Hilaga (o Global North) ang mga pangunahing pundasyonal na diskurso ng pilosopiya. Mas may malaking responsibilidad din ang bawat Pilipinong iskolar ng larangan na mahango ang mga pilosopikal na kaisipan upang maiwasto ang karamihan sas mga inilathalang publikasyon ng mga dayuhan na may maling pakahulugan sa kasayan, kultura, at tradisyon ng lipunang Pilipino. Ayon pa kay Demeterio: *“hindi nakatali sa isang nasyonalidad ang [kaisipan]. Halimbawa na lamang si Tomas Aquino, gumagamit ng mga Griyego, Muslim, at Hudyong teorya kahit na isa siyang sarado-Katolikong pilosopo. Gamitin ang anumang katiwa-tiwalang [kaisipan] kung sa tingin nating may silbi ito sa paglutas sa pilosopikal na problemang bumabagabag sa atin”*.¹²⁶

Ikalima, may estilo at pamamaraan pa rin si de los Reyes kung saan nagsusulat nang kritikal ngunit may kababaang-loob, ipinagpalagay na maaaring may mali o may mas matalino pa kumpara sa kanya. Sa “Historia de Ilocos,” namataan ng mananaliksik ang pahayag ni de los Reyes: “nananawagan ako sa mga mahilig sa kasaysayan ng Pilipinas na kung may mga matatagpuang hindi pamilyar na detalye sa kabanatang ito, iniimbitahan kong maitama ang pagkakamali ko. Kung titingnan nila, isa si Silang sa pinakamahalagang bituwing nagningning sa Pilipinas.”¹²⁷ Alinsunod dito ang paglahad ng limitasyon ng kakayahan: “hindi ako kraniyolohista katulad nina Davis, Toulter, Schetelig, Virchow, at iba pa

¹²⁶ Leslie Anne L. Liwanag and Michael Charleston B. Chua, “‘Ang Pilipinas Bilang Lupain Ng Kabalintunaan:’ Si Isabelo De Los Reyes Bilang Tagapag-Ambag Sa Pahayagang La Solidaridad (1889–1895),” *Plaridel Journal: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* 16, no. 1 (June 2019): 73–102.

¹²⁷ de los Reyes, *Historia de Ilocos*, 258.

upang malaman ang pisonomiya at pisikal na katangian ng mga Tinguian. Hindi rin naman masama kung muling likhain ang paglalarawan ng manunulat at doktor na si G. Lacalle na nagsuri ng dalawang bungo ng mga Tinguian.”¹²⁸ Sa “El Tinguian,” inamin ni de los Reyes ang hindi kasiguraduhan sa wikang kinasangkapan ng pinag-aralang etnolingguwistikong grupo: “napakaraming diyalekto ng mga Tinguian, may itinuturing na diyalekto ang bawat kinapopookan. Sa gayon, hindi ko batid kung ano sa mga diyalekto ang ginamit ng mga Tinguian.”¹²⁹ Sa pagtatapos ng aklat, nagtakda ng hangganan si de los Reyes sa limitasyon ng kaalaman hinggil sa mga naturang katutubong grupo: “. . . ito ang batid ko sa kasaysayan ng Tinguian. Sana patawarin ako ng mauunawaing mambabasa sa iba pang datos na hindi ko alam dahil salat ang mga naisulat tungkol sa mga Tinguian.”¹³⁰

Ikaanim, inihayag ni de los Reyes maging ang pagsubok ng pagsulat nang malayo sa pinaghahanguan at pinanggalingan ng datos. Aniya, humihingi ako ng tawad dahil hindi ko maisasama rito ang mga tipikal at orihinal na tala tungkol sa mga awiting Ilokano tulad ng “dal-lot,” “dingli,” at “berso” at iba pang hindi ko na talaga maalaala. Isang hamon ang magsulat ng aklat na ito na malayo sa Ilocos. Napagkakaitan akong makapagbigay ng mga interesanteng komento sa mahaba ngunit popular na tulang “Vida de Lam-ang.”¹³¹ Sa pagtukoy naman sa isang “Mr. Lacalle” ukol sa panlilibak ng Kanluraning kaisipan sa mga katutubo ng Pilipinas, winika ni de los Reyes nang buong kababaang-loob ang pinakalayunin sa pagsulat ng Folkloreng Filipino: “hindi ko layunin na baguhin ang kanyang opinyon. Pangarap ko lamang mag-ambag ng kahit isang butil ng asin...ng aking sariling konsepto ng aking mga kababayan na matapat kong ipinanatili upang magsilbing tagapagsalita ang artikulong ito para sa kanila nang higit pa kaysa sa kung ano “ang ipininta ng mga Ilokano para sa kanilang sarili.”¹³² Para sa larangan ng Pilosopiyang Filipino, isang matinding hamon ang lubos na pagtuon sa mga kaisipan at purong pagteteorya habang may kakapusan sa praksiyolohiya—kapareho ng

¹²⁸ Ibid., 32.

¹²⁹ de los Reyes, *El Tinguian*, 58.

¹³⁰ Ibid., 70.

¹³¹ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 247.

¹³² Ibid., 193.

minsang naging suliranin ni de los Reyes kung saan mistulang napakalayo ng isang pilosopo sa mismong pinagkukunan ng mga isyu o suliraning pambayan. Kaugnay ng inilimbag na artikulo ni Jeffry Ocaj na “Heidegger, Hegel, Marx: Marcuse and the Theory of Historicity,” maaaring mailangkap ang sinabi ng Alemang pilosopo at politikal na teoristang si Herbert Marcuse tungkol sa hindi maitatangging unyon ng teorya at praksis. Batay sa kanya, “ang sariling kamalayan ang nagiging dahilan ng indibidwal upang mapunta sa radikal na pagkilos at nagreresulta sa pangangailangang pagsasanib ng teorya at praksis. . .ang sariling kamalayan ay kaalamang kumikilos at pagkilos na may alam. . .ang pagpapasya ng radikal na pagkilos ay hindi bagay na ipinapataw sa isang indibidwal, bagkus nagmumula sa kalooban nito.”¹³³

Panghuli, mapagtatanto na nararapat na maiwaksi ang pag-aatubiling suungin ang mga lokal at maging ang rehiyonal na pamimilosopiya. Maaaring mas patatagin ng mayayamang lokal at rehiyonal na larangan ng Pilosopiyang Pilipino. Sa pilosopikal na diskurso ni de los Reyes sa panahon ng paghuhubog, masasabing ang pagtataguyod ng Ilocos ay paraan ng kanyang pagtataguyod ng bansang Pilipinas: *“But if I affirm that the Ilocano is industrious, I am not saying that the other Filipinos are as lazy as they are depicted. Calmly and objectively, compare them with workers and colonials in other countries; consider this intertropical climate that saps one’s strength and you will understand that the Filipino only lacks instruction. Teach him his dignity or his rights and obligations as a dignified person.”*¹³⁴ May pagkakataon ding nagbahagi ng mabubuti at masasamang kaugalian at tradisyon sa sinaunang lipunan. May pamamaraan si de los Reyes kung saan inilahad nang buong-puso ang pagdiskubre sa Ilocos, alinsunod sa pagkakatuklas sa bansang Pilipinas. Hindi na rin nakapagtataka dahil may mga nagbibigay-aksyon hinggil sa kanyang mga sanaysay na hindi lang hinggil sa mga Ilokano, ibinubuod ito bilang “Filipino.”¹³⁵ Aniya, makikita sa mga uri ng sining ang pagiging Filipino. May isang tanyag na awit na ibinahagi na isinulat ang liriko sa wikang Iloko, Tagalog, at Kapampangang na maituturing na

¹³³ Jeffry V. Ocaj, “Heidegger, Hegel, Marx: Marcuse and the Theory of Historicity.” *Kritike* 2, no. 2 (2009): 46–64.

¹³⁴ de los Reyes, *El Tinguian*, 247.

¹³⁵ *Ibid.*, 35.

musikang.¹³⁶ Nananaig sa pilosopiya ni de los Reyes sa panahon ng paghuhubog ang pagtataguyod sa lokal at inklusibong diskurso ng pamimilosopiya bilang metodolohiya sa pagtataguyod ng inang bayan. Mula rito, nararapat na mabigyang-espasyo sa entablado ng mga Pilipinong pilosopo at ng mga tagapaglikha ng kaalaman ang kontribusyon ng Ilokanong polimata sa mas inklusibong diskurso ng larangan ng Pilosopiyang Pilipino.

Samakatuwid, kahit pa madalang na mapagbalingan ng panahon ang lawak at lalim ng mga kontribusyon ni de los Reyes, pinangarap ng proyektong mapaglaanan ng munting espasyo ang ilustradong hindi man kasing tanyag ni Rizal, maaari pa ring magbigay-liwanag sa isang diskursong hanggang ngayon ay naghahagilap pa rin ng metodiko at ideolohikal na hugis sa mundo ng lokal na produksyon ng kaalaman.

¹³⁶ de los Reyes, *El Folk-Lore Filipino*, 61.

TALASANGGUNIAN

- Anderson, Benedict, Carlos Galache, and Ramon Guillermo Guillermo, trans. *Isabelo De Los Reyes' Ang Diablo Sa Filipinas Ayon Sa Nasasabi Sa Mga Casulatan Luma Sa Kastila*. Anvil Publishing Inc., 2014.
- Bragado, Erlinda. "Sukimatem: Isabelo De Los Reyes Revisited." *Philippine Studies* 50, no. 1 (2002): 50–74. <http://www.philippinestudies.net/files/journals/1/articles/2724/public/2724-2722-1-PB.pdf>.
- de los Reyes, Isabelo, and Casareo Blanco. "Los Regulos De Manila." In *Artículos Varios Sobre Etnografía: Historia y Costumbres De Filipinas*, 87–111. University of California, 1888.
- _____. "History of Ilocos Volumes I and Volume II (Translated by Maria Elinora Peralta-Imson)." (2014).
- Demeterio III, F.P.A. "Don Isabelo De Los Reyes (1864-1938): Forerunner of Filipino Theology." *Don Isabelo De Los Reyes (1864-1938): Forerunner of Filipino Theology* 47, no. 142 (2012): 883–916.
- _____. "Status of and Directions for "Filipino Philosophy" in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co," *Philosophia* 14, no.2 (2013): 189.
- Dery, Luis C. "Sina Raha Katunao, Lakandula, Tupas, at Matanda: Isang Pag-Aaral Sa Kanilang Kasaysayang Pampamilya." *Transactions of the National Academy of Science and Technology Philippines* 14 (1992): 615–40. <https://nast.ph/images/pdf%20files/Publications/NAST%20Transactions/NAST%201992%20Transactions%20Volume%2014/SS-3%20.%20Sina%20Raha%20Katunao,%20Lakandula,%20Tupas,%20at%20Matanda.%20Isang%20Pag-aaral%20sa%20Kanilang%20Kasaysayang%20Pampamilya%201992.pdf>
- Imson, Ma. Elinora P., and Salud C. Dizon, trans. *El Folk-Lore Filipino*. First Editioned. Vol. 1. University of the Philippines Press, 2012.
- _____. trans. *The Tinguian*. Baguio City: Cordillera Studies Center, 2007.
- Labiste, Ma. Diosa. "Folklore and Insurgent Journalism of Isabelo De Los Reyes." *Plaridel Journal: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* 13, no. 1 (2016): 31–45. <http://www.plarideljournal.org/wp-content/uploads/2016/06/2016-01-Labiste.pdf>.
- Liwanag, Leslie Anne L., and Michael Charleston B. Chua. "'Ang Pilipinas Bilang Lupain Ng Kabalintunaan: Si Isabelo De Los Reyes Bilang Tagapag-Ambag Sa Pahayagang La Solidaridad (1889–1895)." *Plaridel Journal: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* 16, no. 1 (June 2019): 73–102. <http://www.plarideljournal.org/article/ang-pilipinas-bilang-lupain-ng->

-
- kabalintunaan-si-isabelo-de-los-reyes-bilang-tagapag-ambag-sa-pahayagang-la-solidaridad-1889-1895/.
- Mojares, Resil B. In *Brains of the Nation: Pedro Paterno, TH Pardo De Tavera, Isabelo De Los Reyes, and the Production of Modern Knowledge*, 337–80. Ateneo University Press, 2006.
- Ocay, Jeffry V. “Heidegger, Hegel, Marx: Marcuse and the Theory of Historicity.” *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 2, no. 2 (2009):46–64. http://www.kritike.org/journal/issue_4/ocay_december2008.pdf
- Quito, Emerita S. *The State of Philosophy in the Philippines*. Manila: De La Salle University Press, 1983.
- Rizal, Jose P. “A Reply to Don Isabelo De Los Reyes (‘Una Contestación a Don Isabelo De Los Reyes’).” Translated by G. Fores-Ganzon and L. Mañeru. *La Solidaridad*. 1890.
- Thomas, Megan. “Isabelo de los Reyes and the Philippine Contemporaries of La Solidaridad.” *Philippine Studies* 54, no. 3 (2006): 381-411.